# Pagtuturo sa Panahon ng Pagbabago: Mga Estratehiya at Hamon ng WMSU PST Filipino Major sa Makabagong Edukasyon

**Patralyn J. Ibrahim[1], Ashley Jade P. Jimenez[2], Megan Andrea D. Morales[3], Analyn D. Saavedra[4], Myla G. Sanopao[5]**

ipatralyn@gmail.com[1], ashleyjadejimenez0219@gmail.com[2], moralesmeganandrea@gmail.com[3], mylasanopao97@gmail.com[5]
Western Mindanao State University, Normal Road, Baliwasan, Zamboanga City 7000, Philippines

**Abstrak**

Sa larangan ng edukasyon, mahalagang bahagi ang Pre-service Teaching program na nagsilbing pundasyon sa paglinang ng kaalaman, kasanayan, at pagpapahalaga sa pagtuturo. Layunin ng pag-aaral na ito na masuri kung may kaugnayan ba ang mga estratehiya sa mga hamon na nararanasan ng mga pre-service teachers na nagpakadalubhasa sa Filipino sa pagtuturo. Ginamit sa pag-aaaral na ito ang Descriptive-Correlational Research, Total Enumeration Sampling, at Survey Checklist Questionnaires. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ang mga Pre-service Teachers na nagpakadalubhasa sa Filipino ay nagpakita ng mataas na antas ng kahandaan at kasanayan sa paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo. Ang madalas na paggamit ng mga estratehiyang tulad ng presentasyon, pangkatang gawain, at pagtatanong ay nagpapatunay na prayoridad ng mga PST ang aktibong pakikilahok at diskurso sa loob ng silid-aralan na nagpapatibay sa Cognitivist Theory of Learning. Inirerekomenda ng pag-aaral na higit pang palakasin at pagyamanin ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Iminungkahi rin ang pagpapalakas ng kasanayang pangwika, partikular sa gramatika at bokabularyo, sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at akademikong paghahanda.

*Mga Susing Salita: Pre-service teaching program; filipino major; estratehiya at hamon; makabagong edukasyon.*

## 1. Introduksiyon

"Ang edukasyon ay pasaporte tungo sa hinaharap, sapagkat ang kinabukasan ay pagmamay-ari ng taong nagsisikap." Ito ay kasabihan ni Malcolm X, na nagbigay-diin sa kahalagahan ng paghahanda, lalo na sa larangan ng edukasyon at partikular sa pagtuturo. Ang *pre-service teachers* ay mga mag-aaral sa kolehiyo na kumuha ng kursong edukasyon at nagsanay upang maging ganap na guro sa hinaharap. Samantala, ang *pre-service teaching* ay tumutukoy sa pagsasanay at paghahanda ng mga magiging guro sa anumang kursong napili bago sila opisyal na pumasok sa propesyon. Layunin nito na bigyan ang mga mag-aaral sa kolehiyo ng wastong kaalaman, kasanayan, at karanasan na kinakailangan upang maging epektibong guro sa kanilang napiling asignatura at antas ng mga mag-aaral.

Kabilang sa mga programa para sa *pre-service teachers* ang mga karanasan sa paaralan kung saan unti-unting nakilala ang kanilang responsibilidad sa pamamahala ng silid-aralan at pagtuturo sa ilalim ng gabay ng isang cooperating teacher. Sa ganitong paraan, naipatupad nila ang kanilang teoretikal na kaalaman sa praktikal na konteksto ng pagtuturo (Vanhoyweghen at Surma, 2020; Virginia Wesleyan College). Sa kabuuan, layunin

ng *pre-service teaching* na buhayin ang mahahalagang naunang kaalaman ng mga mag-aaral habang inihanda ang mga guro upang harapin ang mga hamon sa iba't ibang uri ng silid-aralan.

Ang kurikulum ng Bachelor of Secondary Education (BSEd) ay isang programang pang-edukasyon na naglalayong ihanda ang mga mag-aaral upang maging ganap, epektibo, at propesyonal na guro sa antas sekundarya. Saklaw nito ang malawak na kaalaman sa edukasyon, pedagogiya, at mga kasanayang kinakailangan sa pagtuturo, kabilang ang pagbuo ng banghay-aralin, pamamahala ng silid-aralan, pagtataya ng pagkatuto, at paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo. Sa ilalim ng kurikulum na ito, mahalagang bahagi ang *Pre-service Teaching* program na nagsilbing pundasyon sa paglinang ng kaalaman, kasanayan, at pagpapahalaga na kinakailangan sa aktwal na propesyon ng pagtuturo. Sa pamamagitan nito, natutuhan ng mga mag-aaral ang wastong pagbuo ng banghay-aralin, paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, pamamahala ng silid-aralan, at paglinang ng kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga sa kultura ng mga mag-aaral (Bransford, Darling-Hammond, & LePage, 2005; Ulla, 2016). Sa mga gawaing tulad ng *field study*, demonstrasyon, at *practice teaching*, naisasabuhay ng mga pre-service teachers ang mga teoryang kanilang natutuhan sa mga aktwal na sitwasyon sa paaralan.

Sa mas tiyak na pagtuon sa majoorship na Batsilyer ng Filipino, ang mga prinsipyong ito ay higit na pinalalim sa konteksto ng pagtuturo ng wikang Filipino at panitikan, kung saan mahalagang nalinang ang kakayahan ng mga guro na magturo hindi lamang ng wika kundi pati na rin ng kulturang nakapaloob dito. Dito, naging mas makabuluhan ang *Pre-service Teaching* dahil naiangkop ng mga pre-service teachers ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa iba't ibang antas ng pagkatuto, kalagayan ng mag-aaral, at kontekstong kultural. Sa kabuuan, ang BSEd na may *majorship* sa Filipino ay humubog ng mga gurong hindi lamang may sapat na kaalaman sa nilalaman ng asignatura, kundi may kakayahan ding magturo nang epektibo, makabago, at may malalim na pagpapahalaga sa wikang Filipino bilang midyum ng pagkatuto at identidad.

Sa kabilang banda, nabanggit sa aklat na *Effective Teaching Strategies: Lessons from Research and Practice* nina Roy Killen at Mitch O'Toole, ang estratehiya sa pagtuturo ay tumutukoy sa mga pamamaraan, teknik, at proseso na ginagamit ng guro upang epektibong maisagawa ang pagtuturo at matulungan ang mga mag-aaral na makamit ang tiyak na layunin ng pagkatuto. Samakatuwid, malaki ang naitutulong ng mga estratehiya sa pagpapabuti ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na estratehiya, nagiging mas malinaw ang pagpapaliwanag ng guro sa mga konsepto, ito rin ay nagpapataas sa antas ng partisipasyon ng mga mag-aaral, at napalalim ang kanilang pag-unawa sa mga araling tinalakay. Dagdag pa rito, ito ang nagbibigay daan upang matugunan ang mga pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral. Kaya naman, mahalagang matutunan ng mga guro kung paano pumili at gumamit ng iba't ibang estratehiya upang maiangkop ang pagtuturo sa layunin ng aralin, konteksto ng klase, at kakayahan ng mga mag-aaral nang sa gayon ang kanilang pagtuturo ay hindi mapa-walang bahala.(Killen at O'Toole(2022).

Ipinakita rin ng ilang mga pag-aaral na may malaking papel ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagkatuto ng wika. Halimbawa, sa pag-aaral nina Magno et al. (2024) tungkol sa mga alternatibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, natuklasan na ang paggamit ng mga gawain tulad ng *language games*, *role-play*, at iba pang interaktibong aktibidad ay nakatulong upang mapataas ang motibasyon at pakikilahok ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika. Dagdag pa nila, ang mga ganitong estratehiya ay naging daan upang maging mas makabuluhan at mas epektibo ang pagkatuto ng Filipino sa loob ng silid-aralan. Gayunpaman, sa kabila ng kahalagahan ng mga estratehiya sa pagtuturo, maraming *pre-service teachers* ang nakaranas ng iba't ibang hamon sa aktwal na pagtuturo, lalo na sa asignaturang Filipino. Ang hamon ay tumutukoy sa mga sitwasyon o suliraning nangangailangan ng kakayahan, kaalaman, at angkop na tugon upang malampasan. Sa konteksto ng edukasyon, ang mga hamong ito ay karaniwang naranasan ng mga guro habang isinasagawa ang proseso ng pagtuturo, tulad ng pagpili ng angkop na estratehiya at kagamitan, epektibong pamamahala ng oras at silid-

aralan, pag-angkop sa iba't ibang kakayahan ng mga mag-aaral, at pagpapanatili ng aktibong partisipasyon sa klase.

Para sa mga *pre-service teachers*, ang mga hamong ito ay higit na naging kapansin-pansin dahil sila ay nasa yugto pa lamang ng paglalapat ng kanilang mga teoretikal na kaalaman sa aktwal na pagtuturo. Ayon sa pag-aaral nina Aliyev at Aliyeva (2026), nahirapan ang mga *pre-service teachers* na pagsamahin ang tradisyonal at makabagong pamamaraan ng pagtuturo, lalo na sa integrasyon ng teknolohiya at *digital pedagogy*, pati na rin sa pamamahala ng silid-aralan at sa limitadong suporta mula sa mga mentor at institusyon, na naging hadlang sa epektibong paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo. Samantala, natukoy ni Reyes (2022) sa isang kwalitatibong pag-aaral na ang pagbabalik sa *in-person practicum* ay may kaakibat na mga hamon tulad ng pangamba sa harapang pagtuturo, kahirapan sa *classroom management*, kakulangan sa kahandaan, at mga suliranin sa pamamahala ng oras at pinansyal na aspeto. Ipinakita rin ng pananaliksik nina Rubio et al. (2025) na maraming *pre-service teachers* ang nahirapan sa pagbuo ng banghay-aralin, pamamahala ng *dynamics* ng klase, at pagbibigay-sabay sa akademikong obligasyon at praktikal na pangangailangan ng kanilang *teaching internship*, na naglagay sa kanila sa sitwasyon kung saan kinakailangan nilang iangkop ang kanilang teoretikal na kaalaman upang mas maging angkop sa aktwal na konteksto ng silid-aralan.

Bagama't maraming pag-aaral ang tumatalakay sa kahalagahan ng mga estratehiya sa pagtuturo at sa mga hamon na kinakaharap ng mga *pre-service teachers* sa panahon ng kanilang *practicum*, karamihan sa mga ito ay nakatuon lamang sa pangkalahatang karanasan ng mga *pre-service teacher* o sa paglalarawan ng mga hamon sa pagtuturo, lalo na sa konteksto ng asignaturang Filipino. Bukod dito, kakaunti rin ang mga pananaliksik na nakatuon sa mga *pre-service teachers* na nagpakadalubhasa sa Filipino, partikular sa kanilang aktwal na karanasan sa pagtuturo sa makabagong sistema ng edukasyon.

Dahil dito, layunin ng pag-aaral na ito na masuri kung may kaugnayan ba ang mga estratehiya sa mga hamon na nararanasan ng mga *pre-service teachers* na nagpakadalubhasa sa Filipino sa pagtuturo, at upang makapagbigay ng mas malinaw na pag-unawa kung paano nakatulong ang mga estratehiya sa pagpapabuti ng kanilang kahandaan at pagiging epektibo sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

**Paglalahad ng Suliranin**

Layunin ng pag-aaral na ito na mabigyang kasagutan ang mga sumusunod na mga katanungan;

a. Ano-ano ang iba't ibang estratehiya na ginagamit ng mga PST Filipino major sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?
b. Ano-ano ang mga hamon na kinakaharap ng mga PST Filipino *major* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?
c. May kaugnayan ba ang mga estratehiya sa mga hamon na kinakaharap ng mga PST Filipino *major* sa pagtuturo?

## II. Kaugnay Na Literatura

Sa larangan ng edukasyon, malaki ang gampanin ng estratehiya sa pagtuturo. Ito ay nagsisilbing batayan at gabay ng mga guro upang maging malinaw ang daloy ng pagtuturo. Bukod dito, mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral, kung kaya't ang mga guro ay gumagamit ng mga estratehiyang angkop sa pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, mahalaga ang papel ng mga estratehiyang ito

lalo na sa *pre-service teaching*.

Ang *pre-service teaching* ay isang estratehiya sa paghahanda ng mga nag-aaral ng edukasyon. Kinapapalooban ito ng pagtuturo ng mga konsepto o kasanayan sa mga mag-aaral bago pa man magsimula ang aktwal na pagtuturo, upang mas mapadali ang kanilang pagkatuto at maging sanay sila sa larangang kanilang tinatahak, ang larangan ng edukasyon. Bukod dito, ayon sa pag-aaral nina Corpin at Dioso (2025), ang paggamit ng mga estratehiya ay nakatutulong sa *classroom management* upang maunawaan ng mga mag-aaral ang inaasahang asal at gawain sa loob ng silid-aralan, na nagreresulta sa mas maayos na pagkatuto at mas mataas na akademikong pagganap. Bilang mga nagsasanay pa lamang sa pagtuturo, malaki ang naitutulong ng mga estratehiyang ito hindi lamang upang pangasiwaan ang klase, kundi pati na rin upang maibahagi ang mga aralin nang malinaw at maging makabuluhan ang proseso ng pagkatuto.

Ayon sa pag-aaral ni Maxwell Tsoka (2022) na pinamagatang *"Pre-Service Teachers' Visual Narratives of Teaching Practice Experiences: Insights from a Rural University,"* mahalaga para sa mga guro na makapagdisenyo ng mga gawaing pampagkatuto na nagtataguyod ng mapagmuning pag-iisip at may kamalayan sa konteksto ng pagtuturo. Ipinapakita rin sa artikulo na ang pagtuturo ay hindi hiwalay sa panlipunan at pang-edukasyong konteksto kung saan nagaganap ang proseso ng pagkatuto. Isa sa mga kadalasang ginagamit ng mga PST upang mapanatili ang atensyon at kuryusidad ng mga mag-aaral ay ang pagbibigay ng motibasyon bago pa man magsimula ang talakayan ng aralin.

Ang motibasyon ay tumutukoy sa proseso ng paglikha at pagkuha ng interes sa isang gawain upang makamit ang isang layunin. Ayon kina Ryan at Deci (2020), ang motibasyon ay isang mahalagang salik sa pagkatuto dahil ito ang nagbibigay ng interes at direksyon sa mga mag-aaral upang aktibong makibahagi sa mga gawain sa pagkatuto. Ipinapakita sa kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng motibasyon ay mas nagiging masigasig sa pagkatuto at mas nakapagpapakita ng mas mataas na akademikong pagganap. Dahil dito, mahalaga na matutuhan ng mga *pre-service teachers* ang kahalagahan ng pagsisimula ng aralin sa pamamagitan ng pag-uugnay ng bagong paksa sa dating kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral. Ang prosesong ito ay tinatawag na *advance organizer* o *anticipatory set*, na tumutulong upang maging mas handa ang mga mag-aaral sa pagtanggap ng bagong kaalaman.

Sumusunod dito ang *cooperative learning*, kung saan ang mga mag-aaral ay nagtutulungan sa maliliit na grupo upang maisakatuparan at matutuhan ang isang konsepto o gawaing naatas sa kanila. Ayon sa pag-aaral nina Gillies (2016), ang *cooperative learning* ay nakatutulong sa pagpapalawak ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa isa't isa at nakapagpapataas ng kanilang akademikong pagganap. Sa pamamagitan nito, nagiging mas aktibo ang mga mag-aaral sa talakayan at nagkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa sa aralin.

Bukod dito, ang paggamit ng *concept maps* ay isa ring epektibong estratehiya sa pagtuturo. Ayon sa pag-aaral nina Schroeder et al. (2018), ang paggamit ng *concept mapping* ay nakatutulong upang maging mas malinaw at organisado ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga komplikadong konsepto. Sa pamamagitan ng pag-uugnay-ugnay ng mga ideya, nagiging mas sistematiko ang pagproseso ng impormasyon ng mga mag-aaral. Kasabay nito, mahalaga rin ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo. Ayon kina Tondeur et al. (2017), ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay nakatutulong upang maging mas interaktibo at makabago ang proseso ng pagkatuto. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral na ang integrasyon ng mga *digital tools* sa pagtuturo ay naka pagpapataas ng kumpiyansa ng mga *pre-service teachers* sa kanilang kakayahan sa pagtuturo at naka pagpapahusay ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa mga gawain sa klase. Binibigyang-diin din ni Martin (2015) na mahalaga na ang mga programa sa pagsasanay ng guro ay makapagbigay ng sapat na paghahanda sa mga *pre-service teachers* sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang didaktikong kakayahan gamit ang mga makabagong teknolohiyang panturo.

Dagdag pa rito, ipinakita sa ilang pag-aaral na mahalagang maisama ang pinakabagong teknolohiya sa mga kursong nakatuon sa nilalaman at praktikal na pamamaraan ng pagtuturo upang malinang ang kumpiyansa ng mga *pre-service teachers* at matulungan silang matagumpay na maisama ang teknolohiya sa kanilang pagtuturo (Baran et al., 2019; Tondeur et al., 2020; Voogt et al., 2016; Wang et al., 2018).

### *2.1 Pagtuturo sa Asignaturang Filipino*

Ang asignaturang Filipino ay matagal nang nakapaloob sa kurikulum ng akademiya at mahalaga sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa buong bansa. Isa ito sa limang pangunahing asignatura sa mga paaralan, kasama ang *English*, *Mathematics*, *Science*, at Araling Panlipunan, at itinuturo mula primarya, elementarya, sekundarya, hanggang kolehiyo. Sa katunayan, nabanggit sa pag-aaral ni Tasic (2016) na isinulong ni dating Pangulong Manuel L. Quezon noong 1940 ang Executive Order No. 263 na nag-utos sa lahat ng pribado at pampublikong paaralan na isama sa kurikulum ang pagtuturo ng wikang pambansa. Ito ang naging batayan ng kasalukuyang asignaturang Filipino. Dahil dito, naging bahagi ito ng kurikulum sa lahat ng antas ng edukasyon at ginamit ang Filipino bilang wikang panturo sa mga tiyak na asignatura alinsunod sa Patakarang Bilinggwal noong 1974 at 1986, ayon sa pag-aaral ng Teresa College (2021).

Kaugnay nito, ayon sa K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino (2016), ang layunin ng pagtuturo ng asignaturang Filipino ay upang linangin ang kakayahang komunikatibo, replektibo o mapanuring pag-iisip, at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang babasahin at kagamitan. Batay naman kay Zafra (2018), ang pagtuturo ng asignaturang Filipino ay nakatuon sa pagkatuto ng wika, balarila, at komunikasyon; hindi lamang sa pagpapalawak ng kaalaman sa gramatika kundi sa pag-unawa sa akdang binasa. Hindi rin ito nakatuon lamang sa pagbuo ng tama at makabuluhang pangungusap, kundi sa kabuuang kasanayan sa pagbasa at pakikipagkomunikasyon. Bagkus, ang Filipino bilang asignatura ay isang paraan upang matutuhan at mapalalim ang wika at kulturang Filipino. Upang maisakatuparan ito, ayon kay Elena (2018), ang pagtuturo sa asignaturang Filipino ay nahahati sa dalawang sangay: balarila at panitikan. Ang balarila ay nakatuon sa mga tuntunin ng gramatika, paggamit ng mga bantas, pang-abay, pandiwa, at iba pang bahagi ng pananalita, samantalang ang panitikan ay nakatuon sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan at pagpapalawak ng karanasan ng mga mag-aaral sa wika at kultura.

Gayunpaman, simula nang aprubahan ang programang K to 12 ng dating Pangulo na si Benigno Aquino III, nagkaroon ng maraming pagbabago sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas bilang tugon sa makabagong sistema ng edukasyon sa iba't ibang bansa. Isa sa mga isinusulong noon ay ang pagtanggal ng asignaturang Filipino sa kolehiyo. Ang Commission on Higher Education (CHED) ay isa sa mga nangangasiwa ng edukasyon sa Pilipinas na nagbibigay ng mga *scholarship* at tulong pinansyal upang matiyak na makapagtatapos ng pag-aaral ang mga estudyante. Noong Agosto 2018, sa Buwan ng Wika, nag-apela ang CHED sa Korte Suprema upang ipatupad ang CHED Memorandum Order No. 20, s. 2013 o ang pagbabago sa General Education Curriculum (GEC) na naglalayong alisin ang asignaturang Filipino sa kolehiyo. Dahil dito, pinangangambahan ng grupong Tanggol Wika ang tuluyang pagtanggal sa mga asignaturang Filipino at Panitikan sa kolehiyo. Noong 2015, pinagbigyan ng Korte Suprema ang apela ng mga guro upang huwag ituloy ang planong pagtanggal ng CHED sa Filipino at Panitikan sa kolehiyo. Naglabas ng Temporary Restraining Order (TRO) ang Korte Suprema upang mapanatili ang Filipino at Panitikan sa General Education Curriculum sa kolehiyo, kasama ang iba pang asignatura gaya ng Matematika, Agham, Teknolohiya, at Kasaysayan ng Pilipinas. Nakatuon ang Filipino sa tamang paggamit ng wikang Filipino, habang ang Panitikan ay nakatuon sa pagbasa at literatura.

### *2.2 Hamon ng mga PSTs sa Pagtuturo*

Ang *pre-service teaching* o *practicum* ay isa sa mahahalagang yugto sa mga nagnanais maging guro. Ito ay idinisenyo bilang bahagi ng kurikulum upang pagdugtungin ang teorya at praktikal na aplikasyon nito sa tunay na sitwasyon sa loob ng silid-aralan. Dito, ipinakita at sinanay ang mga mag-aaral sa kung ano ang naghihintay sa kanila kapag sila ay naging ganap na guro, upang maging handa sila at makapagkalap ng mga estratehiyang makatutulong sa pamamahala ng klase at maging epektibong guro. Para sa mga PST, ang yugtong ito ay nagbigay ng pagkakataon na maranasan ang realidad ng pagtuturo, paunlarin ang kanilang mga propesyonal na kasanayan, at magnilay sa kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo (Pakpahan, 2023). Ang *practicum* ay nagsilbing daan upang masubukan at mahasa ng mga PST ang kanilang pag-unawa sa mga teoryang pang-edukasyon, sanayin ang kanilang mga teknik sa paghahatid ng leksyon, at magkaroon ng kumpiyansa sa pamamahala ng dinamika ng silid-aralan. Sa kabila ng kahalagahan nito, kadalasang inilantad ng *practicum* ang mga *pre-service teachers* sa iba't ibang hamon na nakaapekto sa kanilang pagganap sa pagtuturo, pamamahala ng silid-aralan, at pangkalahatang kinalabasan ng pagkatuto.

Ngunit sa kabila ng mga umiiral na estratehiya at mga patunay na nakatutulong sa pagtuturo sa mga mag-aaral, nananatili pa rin ang ilang hamon sa pagtuturo na hanggang ngayon ay problema ng ilang guro at *pre-service teachers*. Sinuportahan ito ng pag-aaral nina Serliana, Utami, at Kamil (2021). Ayon sa kanilang pag-aaral, kabilang sa mga pangunahing hamon na kinakaharap ng mga *pre-service teachers* ay ang mga isyu kaugnay ng pamamahala ng silid-aralan at pagsasagawa ng instruksyon. Mahalagang mabigyan ito ng pansin sapagkat dito nakasalalay ang pagkatuto ng mga mag-aaral; kung hindi ito maayos at makabuluhan, mahihirapan silang maunawaan ang paksang bago pa sa kanilang kaalaman. May dalawang aspeto ng hamon na kinakaharap ng mga PST. Una, sa panloob na aspeto, marami sa kanila ang nahihirapan dahil sa limitadong kasanayan sa pagtuturo, kawalan ng katiyakan sa pagpili ng angkop na teknikang panturo, at pagpapanatili ng disiplina sa silid-aralan, lalo na kapag humaharap sa mga mag-aaral na may iba't ibang kakayahan o hindi inaasahang pag-uugali.

Samantala, sa panlabas na aspeto, ang mga *pre-service teachers* ay humaharap sa mga hamon tulad ng mababang motibasyon ng mga mag-aaral, istorbo o *disruptive* na pag-uugali, kakulangan sa pasilidad ng paaralan, *mixed-ability classrooms*, at limitadong *access* sa mga *teaching resources* gaya ng mga aklat, *visual aids*, at teknolohiya. Ang mga salik na ito ay nagpapahirap sa paghahatid ng leksyon at pagpapatupad ng instruksyon, na nag-uudyok sa mga estudyanteng guro na mag-*improvise* ng mga leksyon o labis na umasa sa teoretikal na kaalaman, na maaaring makaapekto sa kalidad ng pagtuturo at resulta ng pagkatuto. Ang limitasyon sa oras at maikling tagal ng *practicum* ay karagdagang hadlang sa pagbuo ng mga *reflective practices* at makahulugang karanasan sa pagtuturo, na naglilimita sa pagkakataon ng mga *pre-service teachers* na lubos na paunlarin ang kanilang *classroom management* at mga *instructional strategies* (Karim & Abbas, 2024; Collantes, 2021).

Pinatibay ito ng pag-aaral ni Buckworth (2016), na binigyang-diin na kahit may malakas na pag-unawa sa mga teoryang pang-edukasyon ang mga *pre-service teachers*, madalas silang nahihirapang ilapat ang kaalaman sa aktwal na konteksto ng silid-aralan. Ang mga suliraning ito ay nagmumula sa katotohanang madalas na naiiba ang aktwal na realidad ng silid-aralan sa mga idealisadong senaryo na ipinapakita sa mga programa ng pagsasanay. Binigyang-diin din ni Buckworth na ang *teaching practicum* ay humahamon sa mga *pre-service teachers* dahil sa sabay-sabay na pagganap ng iba't ibang responsibilidad tulad ng pag-aangkop sa mga nakagawiang sistema ng paaralan, pagpaplano at paghahatid ng mga aralin, pagtatasa ng pagganap ng mga mag-aaral, pagninilay sa kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo, at pagharap sa pormal na pagsusuri. Para sa mga baguhang guro na kasalukuyang nagpapalakas ng kanilang propesyonal na kumpiyansa, maaaring maging labis na nakaka-overwhelm ang pamamahala sa lahat ng gawaing ito.

### *2.3 Hamon sa mga Estratehiya ng mga PSTs sa Pagtuturo*

Ayon sa pag-aaral nina Gelilio at Janer (2021), maraming salik ang nakaaapekto sa pagtuturo ng mga guro sa akademikong Filipino sa larangan ng wika at panitikan, lalo na sa bagong *normal* ng edukasyon. Isa sa pangunahing hamon na kanilang natukoy ay ang kakulangan sa kaalaman ng mga guro sa pagbuo ng inobatibong pamamaraan sa pagtuturo. Bilang tugon, inangkop at pinalakas ng mga guro ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo upang maging mas epektibo at kaakit-akit ang mga leksyon, na nagresulta sa pagtaas ng *comprehension* at *engagement* ng mga mag-aaral. Bukod dito, natukoy din ang kakulangan sa *teaching materials* at limitadong *access* sa *professional development programs*, na tinugunan sa pamamagitan ng paglahok sa mga *training, workshops*, at pagpapatupad ng 3P'S *program* upang mapaunlad ang pedagohiya at mga pamamaraan sa pagtuturo. Gayundin, ang paggamit ng *Gender* and *Development programs* at *reflective teaching practices* ay nakatulong sa pagbawas ng *ineffective teaching habits* at pagpapataas ng kabuuang *performance* sa pagtuturo. Ipinapakita ng pag-aaral na ang tamang estratehiya at inobasyon ng guro ay direktang tugon sa mga hamon sa pagtuturo at maaaring magsilbing modelo para sa mga *pre-service teachers* (PSTs) sa kanilang *practicum*.

Samantala, sa pag-aaral nina Corcoran at O'Flaherty (2018), sinuri ang mga salik na nakaaapekto sa *teaching performance* ng 400 *pre-service teachers* batay sa *classroom observations* at *performance rankings*. Napag-alaman na ang *personality traits* ng mga PST ay hindi direktang nakaaapekto sa kanilang *teaching performance*. Sa halip, ang nakaraang *teaching performance* at *academic achievement* ang lumitaw bilang mahahalagang salik sa pagiging epektibo sa pagtuturo. Ipinapahiwatig nito na ang mga estratehiyang nakatuon sa pagpapalakas ng *academic competencies* at pagpapalawak ng praktikal na karanasan sa pagtuturo (tulad ng *microteaching* at *field teaching practice*) ay makatutulong upang mapataas ang *teaching performance* ng mga PST.

Sa kabuuan, pinapakita ng dalawang pag-aaral ang ugnayan ng estratehiya sa mga hamon sa pagtuturo: ang inobatibong *teaching strategies, participation sa professional development,* at *structured teaching programs* (Gelilio & Janer, 2021) ay kritikal sa pagharap sa hamon, samantalang ang *academic preparation at teaching experiences* (Corcoran & O'Flaherty, 2018) ay nagbibigay ng batayan para sa mas epektibong paggamit ng mga estratehiyang ito. Ang kombinasyon ng tamang estratehiya at sapat na paghahanda ay mahalaga upang mapaunlad ang *teaching performance at learning engagement* ng mga PSTs.

## III. Batayang Teoretikal

### *3.1 Mga Estratehiya sa Pagtuturo*

Ang pag-aaral na ito ay batay sa Teoryang Kognitibo ng Pagkatuto ni Robert Gagné, ay naglalarawan sa pagkatuto bilang isang sistematiko at organisadong proseso na gumagabay sa malinaw na tiyak na pagganap sa pagtuturo. Ang kanyang balangkas, na kilala bilang Siyam na Kaganapan ng Pagtuturo, ay sinimulan sa pagkuha ng atensyon ng mga mag-aaral upang maging handa silang matuto. Kasunod nito ay ang paglalahad ng layunin ng aralin, upang malinaw sa kanila kung ano ang inaasahan nilang matutunan. Binigyang-diin rin ang pagbabalik-tanaw sa mga nakaraang kaalaman upang mas maunawaan at maiuugnay sa bagong kaalaman. Pagkatapos, ibahagi ang aralin sa paraang malinaw at organisado, habang ang guro ay nagsisilbing gabay sa proseso ng pagkatuto upang masiguro na nauunawaan ng mga mag-aaral ang nilalaman. Matapos nito, sinusukat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri ng kanilang kaalaman at pagbibigay ng *feedback* upang mapabuti ang pagganap. Sa huli, isinasagawa ang pagtataya sa kanilang natutunan, at ang aralin ay pinapalakas sa kanilang alaala at inihahanda para sa paggamit sa iba pang sitwasyon o aplikasyon. Ang mga hakbang na ito ay nagsisilbing gabay para sa mga guro sa pagdidisenyo ng mga aralin na epektibong

nagpapadali sa pagkuha ng kaalaman at pagpapaunlad ng kasanayan.

Kasabay nito, binibigyang-halaga ng makabagong estratehiya sa pagtuturo ang pagpapalakas ng kakayahan ng mag-aaral na maging *independent learner* sa makabagong panahon, kung kaya't itinuturing ang paglikha ng interaktibong lugar ng pagkatuto bilang sentro ng teoryang ito. Ayon sa kamakailang pag-aaral nina Li et al. (2025) na "*The Effectiveness of Gagné's 9 Events of Instruction in health professions education: a systematic review and meta-analysis",* ipinapakita na ang pagtuturo na nakabatay sa modelo ni Gagné ay nagdudulot ng makabuluhang pag-unlad sa iba't ibang aspeto ng pagkatuto, kabilang ang pagpapalawak ng kognitibong kaalaman, pagpapahusay ng kakayahan sa paglutas ng problema, pagtaas ng kasanayan sa pagkatuto, at mas epektibong paglilipat ng mga kasanayan. Batay sa kanilang *meta-analysis* na sumaklaw sa 11 pag-aaral at 825 kalahok, natuklasan na ang paggamit ng *Gagné's 9 Events of Instruction* ay mas epektibo kumpara sa tradisyonal na *lecture-based learning (LBL).* Naitaas nito ang *theoretical knowledge* ng mga mag-aaral, pinabuti ang kanilang *performance* sa *practical skills*, pinalakas ang kanilang *learning competence*, at nadagdagan ang kanilang kasiyahan sa pagtuturo. Ipinapakita ng mga resulta na ang sistematikong gabay ng siyam na hakbang na ito ay nakatutulong hindi lamang sa pagpapalawak ng kaalaman kundi pati na rin sa aktibong aplikasyon ng natutunan sa klinikal na gawain, kaya't maaaring irekomenda bilang isang mabisang estratehiya sa edukasyong pangkalusugan.

Sa kontekstong ito, ang pagpapatupad ng mga estrukturadong kaganapan sa pagtuturo ay nakakatulong sa paglikha ng isang kapaligirang pang-edukasyon na aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral at nagsusulong ng mataas na akademikong tagumpay. Ang teoryang ito ay patunay na mahalaga ang gampanin ng mga estratehiya sa pagtuturo sa paglinang ng makabuluhang pagkatuto. Ang paggamit ng mga estratehiya tulad ng *collaborative learning, inquiry-based learning, at digital-based instruction* ay nanghihikayat sa mga mag-aaral na maging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto. Kasabay nito, binibigyang-daan ang mga guro na lumikha ng mas *flexible*, inklusibo, at tumutugon sa interes at karanasan sa pagkatuto, na naka-batay sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo.

Samakatuwid, ang teoryang ito ay may malaking salik sa pag-aaral na isinasagawa ng mga mananaliksik. Sa pamamagitan ng mga tala at pag-aaral gaya ng isinagawang pananaliksik nina Li et al. (2025), napatunayan na ang pagtuturo na may iba't ibang estratehiya na naaangkop sa interes at kakayahan ng mag-aaral ay epektibo, lalo na sa ika-21 siglo. Sa pananaliksik na ito, layunin ng mga mananaliksik na matukoy kung ano-ano ang mga estratehiya na kadalasang ginagamit ng mga *pre-service teachers* (PST) Filipino *major* ng Pamantasang Pampamahalaan ng Kanlurang Mindanao (WMSU) at alin sa mga ito ang epektibo sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa kasalukuyang panahon.

Sa kabilang banda, nakaangkla rin ang pag-aaral na ito sa *Self-Determination Theory (SDT)* nina Deci at Ryan, na nagpapaliwanag na ang pagkatuto at pagganap ng isang indibidwal ay nakabatay sa antas ng kanilang motibasyon, partikular sa intrinsic at extrinsic motivation. Ayon sa teoryang ito, ang isang tao ay mas nagiging aktibo at epektibo sa pagkatuto kapag natutugunan ang tatlong pangunahing pangangailangan: *autonomy* (kalayaan sa paggawa ng desisyon), *competence* (kakayahang magampanan ang gawain), at *relatedness* (pakiramdam ng koneksyon sa iba).

Sa konteksto ng mga *pre-service teachers*, ang *intrinsic motivation* ay tumutukoy sa kanilang panloob na pagnanais na matuto at maging epektibong guro dahil sa interes at dedikasyon sa propesyon ng pagtuturo. Samantala, ang *extrinsic motivation* naman ay nag-uugat sa mga panlabas na salik tulad ng marka, papuri, o pangangailangang akademiko. Ang balanse ng dalawang uri ng motibasyong ito ay mahalaga upang mapanatili

ang kanilang aktibong partisipasyon sa paggamit ng angkop at makabagong estratehiya sa pagtuturo.

Kaugnay nito, binibigyang-diin din ng *Expectancy-Value Theory* nina Eccles at Wigfield na ang pagganap ng isang indibidwal ay nakasalalay sa kanilang paniniwala sa sariling kakayahan (*expectancy*) at sa halaga ng isang gawain (*task value*). Ipinapakita ng teoryang ito na ang mga *pre-service teachers* ay mas malamang na gumamit ng epektibong estratehiya sa pagtuturo kung naniniwala silang kaya nilang isagawa ang mga ito at kung nakikita nila ang kahalagahan ng mga ito sa kanilang propesyon bilang guro.

Ang mga teoryang ito ay mahalaga sa pag-unawa sa pagpili at paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo tulad ng *collaborative learning*, *inquiry-based learning*, at *digital-based instruction*. Sa pamamagitan ng mataas na antas ng motibasyon at paniniwala sa sariling kakayahan, mas nagiging bukas ang mga *pre-service teachers* sa paggamit ng mga estratehiyang nagtataguyod ng aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang *Self-Determination Theory* at *Expectancy-Value Theory* ay nagsisilbing pundasyon ng pag-aaral na ito upang maunawaan kung paano naaapektuhan ng motibasyon at paniniwala sa kakayahan ang pagpili at epektibong paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers* sa asignaturang Filipino sa kasalukuyang panahon.

### *3.2 Mga Hamon sa Pagtuturo*

Ang *Cognitive Load Theory* (CLT) ni John Sweller ay naglalarawan kung paano pinoproseso ng *working memory* ang impormasyon. Ito ay nahahati sa tatlong uri: *intrinsic, extraneous, at germane.*

Ang bawat uri ng *cognitive load* ay may mahalagang papel sa larangan partikular na sa disenyo ng pagtuturo. Sa pamamagitan ng pagbawas ng *extraneous cognitive load* at pagpapalakas ng germane *cognitive load,* mas napapabuti ng mga guro ang pagkakaroon ng epektibong pagtuturo sa mga mag-aaral. Ang konsepto ng cognitive load ay unang ipinakilala ni Sweller (1988) kaugnay ng bisa ng *Conventional problem-solving methods* sa paglinang ng espesipikong kaalaman at kasanayan. Dagdag pa rin niya na may limitadong kapasidad ng *working memory* at mahalagang mabawasan ang *extraneous cognitive load* upang mas mapataas ang pagkatuto ng mag-aaral. Partikular niyang binanggit na "ang panandaliang memorya ng tao ay masyadong limitado at anumang gawain na nangangailangan ng pagpapanatili ng maraming impormasyon sa panandaliang memorya ay maaaring magdulot ng labis na *cognitive load*" (p. 265).

Sa pag-aaral nina Houichi, A., & Sarnou, D. (2020). Na pinamagatang "*Cognitive Load Theory and its Relation to Instructional Design: Perspectives of Some Algerian University Teachers of English*". Nabanggit sa pag-aaral nila na ang kapasidad ng *working memory* ng tao ay lubhang limitado at hindi kayang iproseso nang sabay-sabay ang maraming impormasyon (Sweller et al., 1998). Kaya naman, mahalagang isaalang-alang ng mga guro ang kognitibong kapasidad ng kanilang mag-aaral. Kung hindi, ang mga mag-aaral ay maaaring mabigla sa sobrang dami ng impormasyong pinakilala, at hindi makakamit ang mga layuning dapat na maging kinalabasan ng pagkatuto. Sa kadahilanang ito, maaaring mapahamak ang proseso ng pagkatuto. Ayon kay Sweller, ang pangunahing layunin ng *cognitive load theory* ay makabuo ng epektibong materyales sa pagtuturo na nakabatay sa kakayahan ng mga mag-aaral na magproseso ng impormasyon at makalikha ng kapaki-pakinabang na mga teknik sa pagtuturo (Sweller, 1994).

Kaugnay nito, mahalagang maiugnay ang *Cognitive Load Theory* sa mga *Pre-service Teachers* (PST), sapagkat sila ay nasa yugto pa lamang ng paglinang ng kanilang kakayahan sa pagtuturo at pagdidisenyo ng mga kagamitang pampagtuturo. Bilang mga nagsasanay na guro, maaaring makaapekto sa kanilang pagtuturo ang iba't ibang salik tulad ng limitadong kaalaman sa *instructional design*, kakulangan sa kagamitang pampagtuturo, kahinaan sa pamamahala ng oras at klase, at kakulangan sa kamalayan hinggil sa wastong

paggamit ng mga estratehiyang nakabatay sa *Cognitive Load Theory*. Dahil dito, may posibilidad na makagamit sila ng mga pamamaraang nagdudulot ng labis na *cognitive load* sa mga mag-aaral, gaya ng pagbibigay ng napakaraming impormasyon sa iisang talakayan o paggamit ng mga gawaing hindi angkop sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.

Subalit, napansin ng mga mananaliksik na ang kakulangan sa kamalayan ng mga guro ay maaaring magdulot ng malaking hamon sa *instructional design*. Tulad ng argumento ni Sweller (2010), ang makabuluhang pagkatuto ay maaaring mangailangan ng malaking dami ng kognitibong proseso, ngunit ang sistema ng pagproseso ng impormasyon sa estudyante ay lubhang limitado. Kaya naman, kinakailangan ng espesyal na atensyon upang tanggalin ang lahat na hindi produktibong pagproseso at hindi mahalagang impormasyon, katulad lamang ng mga elemento ng impormasyon na kailangang pagsama-samahin upang maunawaan, sobra-sobrang impormasyon na mabilis na nagpapakilala ng malaking bagong elemento sa *working memory* na kinakailangang ayusin at maintindihan, at ang panghuli ay ang paulit-ulit na impormasyon (Sweller, 2010).

Ang teoryang ito ay may malaking kaugnayan sa pananaliksik, sapagkat ito ay nagbibigay-linaw sa kung paano naaapektuhan ng limitadong kapasidad ng *working memory* ang proseso ng pagkatuto ng mga estudyante at kung paano makaisip ng maaaring maging disenyo ng mga guro ng mga materyales at estratehiya sa pagtuturo upang maging mas epektibo at angkop sa kakayahan ng kanilang mag-aaral. Kaya naman, nais ding alamin ng mga mananaliksik ang antas ng kaalaman at kamalayan ng mga *Pre-service teacher* hinggil sa *Cognitive Load Theory*, at kung paano nila ito isasama o hindi isasama sa kanilang estratehiya ng pagtuturo upang mapabuti ang pagkatuto ng kanilang mag-aaral.

## IV. Metodolohiya

Nakapaloob sa bahaging ang mga pamamaraang ginamit ng mga mananaliksik; Ang uri ng disenyong ginamit sa pag-aaral, ang pagpili ng mga taga-tugon o respondente, mga instrumentong ginamit, paglilikom ng datos at estadistikal na pamamaraang ginamit.

### *4.1 Disenyo ng Pag-aaaral*

Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibong pananaliksik at ang panukala nito ay gumamit ng "*Descriptive-Correlational research*" bilang disenyong ginamit na kung saan layuning tukuyin ang mga estratehiyang ginamit gayundin ang mga hamon na kinakaharap ng mga PST Filipino major at paano nauugnay ang estratehiyang ginamit sa mga hamon na kinakaharap nila sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang mga talatanungang nakapaloob sa disenyong ito ay ginamit sa pangongolekta ng datos.

### *4.2 Pagpili ng Kalahok*

Ang mga taga-tugon sa pananaliksik na ito ay ang mga piling mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryong Edukasyon sa Filipino sa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro. Binubuo ito ng labinsiyam (19) na taga-tugon, kung saan dalawa (2) ay lalaki at labimpito (17) ay babae na nasa wastong gulang. Ang mga kalahok ay pinili sa pamamagitan ng *Total Enumeration Sampling.* Ang *Total Enumeration Sampling* ay isang uri ng sampling kung saan ang buong populasyon na may kaugnayan sa pag-aaral ay isinasama bilang mga respondente. Ginagamit ito kapag maliit lamang ang bilang ng populasyon at mahalagang makuha ang kabuuang pananaw ng lahat ng kalahok na may direktang kaugnayan sa pananaliksik. Kaya't labinsiyam (19) lamang ang naging bilang ng mga respondente sapagkat sila lamang ang mga Pre-Service Teachers (PST) na kumukuha ng Filipino major sa Western Mindanao State University at may tuwirang kaugnayan sa isinasagawang pag-aaral.

### *4.3 Instrumento ng Pag-aaral*

Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik ay una, ang talatanungan nina Ismail, S. at Jarrah, A. (2018) sa pag-aaral nilang pinamagatang "*Exploring Pre-Service Teacher`S Perception Of Their Pedagogical Preferences, Teaching, Competence And Motivation".* Ang instrumentong ay isang istrukturadong talatanungan na idinisenyo upang makakalap ng datos mula sa mga *prospective teachers* na kumukuha ng Filipino major. Layunin nitong matukoy ang mga estratehiyang kadalasang ginagamit ng mga PST sa pagtuturo nitong matukoy ang mga estratehiyang kanilang ginamit sa pagtuturo at ang mga hamon na kadalasang nararanasan sa aktuwal na pagtuturo.

Bago ginamit ang nasabing instrumento, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng pahintulot sa mga orihinal na may-akda sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham at email upang legal at maayos na magamit ang kanilang talatanungan sa kasalukuyang pag-aaral. Pinahintulutan ng mga may-akda ang paggamit ng instrumento bilang batayan sa pagkalap ng datos.

Binubuo ang talatanungan ng ilang bahagi na nakaayos sa anyong talahanayan. Nakapaloob sa unang talahanayan ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo na kadalasan ginagamit sa pagtuturo tulad ng presentasyon, interaktibong gawain, talakayang pang klase, at paggamit ng mga teknik sa pagtatanong. Ang mga ito ay sinukat gamit ang mga istatistikal na panukat, isa na rito ang *Weighted Mean* upang malaman ang antas ng paggamit at kahalagahan ng bawat estratehiya.

Habang makikita sa ikalawang bahagi ang mga suliraning suliraning karaniwang kinakaharap ng mga PST habang isinasagawa ang kanilang pagtuturo. Kabilang sa *Questionnaires* ang pagdidisenyo ng mga kagamitang panturo, pamamahala ng klase, kakulangan sa gabay, at iba pang hamon na may kinalaman sa oras, wika, at ugnayan sa paaralan. Ang mga ito ay sinusukat din gamit ang parehong istatistikal na pamamaraan upang matukoy ang antas ng kahirapan na kanilang nararanasan.

Ang instrumentong ginamit ay nagpakita ng pagkakatulad at konsistent na tugon mula sa mga kalahok, lalo na sa mga pangunahing suliranin tulad ng kakulangan sa estratehiya, oras, at pagsasanay. Samantala, taglay din nito ang *content validity* dahil malinaw ang pagkakaugnay ng mga pahayag sa layunin ng pag-aaral. Ang mga item ay angkop at sumasalamin sa aktwal na karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Akademikong Filipino sa Wika at Panitikan.

Bukod dito, ginamit din ng mananaliksik ang instrumento nina Galilio, E. at Janer, S. (2021) sa pag-aaral nilang pinamagatang "Pagdalumat Sa Kalagayang Pedagohikal Sa Akademikong Filipino Sa Transpormatibong Kadawyan" ang instrumentong ginamit dito ay isang *Survey Checklist Questionnaire* na nakatuon sa paglikom ng kwantitatibong datos mula sa mga PST. Bago rin ginamit ang instrumentong ito, nagpadala muna ng liham at email ang mga mananaliksik sa mga may-akda upang humingi ng pahintulot para sa paggamit ng kanilang talatanungan sa kasalukuyang pananaliksik. Matapos ma pahintulutan, isinama ito bilang pangunahing batayan sa pangangalap ng datos. Binubuo ito ng mga saradong pahayag na nakaayos sa anyong talahanayan at hinati sa dalawang bahagi. Sinusukat nito ang estratehiya sa pagtuturo, suliranin na kadalasang nararanasan at mga salik na nakakaapekto sa pagtuturo ng Filipino sa Wika at Panitikan. Gumamit ng istatiktikal na panukat tulad ng *Mean.*

Makikita sa pagkakabuo ng talatanungan na ito na may mataas na antas ng reliability sapagkat ang mga pahayag ay malinaw, magkakaugnay, at sistematikong nakaayos ayon sa dalawang pangunahing larangan—

Wika at Panitikan. Dagdag pa rito, ang pagkakapare-pareho ng mga tugon ng mga kalahok, tulad ng paglitaw ng magkakatulad na pangunahing suliranin (hal. Kakulangan sa estratehiya, oras, at pagsasanay), ay indikasyon na ang instrumento ay nakapag dulot ng matatag at mapagkakatiwalaang instrumento sa pagsasagawa sa pananaliksik na ito. Taglay din nito ang *content validity* dahil ang mga item ay may malinaw na kaugnayan sa layunin ng pag-aaral, lalo na sa pagtukoy ng mga salik na nakaaapekto sa pagtuturo ng Filipino sa Wika at Panitikan.

### *4.4 Pangangalap ng Datos*

Matapos naaprubahan ang pananaliksik, Isinagawa ang pangangalap ng datos ng mananaliksik. Isinumite nila ang mga kahilingan sa liham sa mga wastong awtoridad para sa pag-apruba. Una, kumuha ang mga mananaliksik ng *Ethics Clearance*, matapos nakuha ang *Ethics Clearance*, ito ay pinirmihan ng *Research Ethics Director*, at nagpatuloy ang mga mananaliksik sa aktwal na pangangalap ng datos. Nagbigay ang mananaliksik ng *consent form* sa mga respondente upang humingi ng pahintulot mula sa kanila bilang patunay ng kanilang kusang loob na pagpayag na lumahok sa pag-aaral. Ibinahagi ang *Survey-Checklist Questionnaire* sa mga respondente at binigyan sila ng sapat na oras upang sagutin ito. Samantala, bago mangalap ng datos ang mga mananaliksik, tiniyak nila ang kapakanan at kabutihan ng mga kalahok sa buong proseso ng pangangalap ng datos.

Nagbigay din ng espesyal na pangangalaga upang matiyak na hindi makaramdam ng anumang hindi kanais-nais ang mga kalahok habang sinasagutan ang mga katanungan. Ginalang din ng mga mananaliksik ang awtonomiya at malayang paglahok ng mga impormante at tiniyak na wala sa kanila ang napilit na magbigay ng tugon na labag sa kanilang kagustuhan.

### *4.5 Konsiderasyong Etikal*

Tiniyak ng mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay isinagawa alinsunod sa mga sumusunod na pamantayang etikal ng pananaliksik.

***4.5.1 Informed Consent.*** Tinitiyak sa pag-aaral na ito ang pagkilala sa kalayaan at karapatan ng mga kalahok na boluntaryong sumali sa pananaliksik. Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng liham pahintulot sa mga kalahok na mag-aaral na may kaugnayan sa pag-aaral. Ang liham pahintulot ay naglalaman ng oryentasyon hinggil sa kaligiran ng pananaliksik, layunin, paraan, bunga, at mga tiyak na pagkukuhanan upang malinaw ang layunin ng pananaliksik.

***4.5.2 Privacy and Confidentiality.*** Ang kabuuan ng pagsasagawa ng pananaliksik na ito ay mahigpit na sumusunod sa pamantayan ng pagpapanatili ng pagiging pribado at kumpidensiyal ng mga impormasyong makukuha. Matapos ang pag-aaral, ang lahat ng nakalap na datos mula sa mga kalahok ay maingat na pangangasiwa at winasak alinsunod sa wastong pamantayan ng data disposal. Ang mga 19 pisikal na dokumento, tulad ng mga sinagutang talatanungan at consent forms na ginamitan ng *pen-and-paper*, ay sisirain sa paraang hindi na mababasa o magagamit muli, gaya ng pagdurog o paghiwa-hiwalay ng papel. Samantala, kung may mga datos na nailipat sa digital na anyo para sa pagsusuri, ang mga ito ay ganap na buburahin gamit ang angkop na paraan upang matiyak na hindi na ito *mare-recover*. Tinitiyak ng mga mananaliksik na ang lahat ng impormasyon ng mga kalahok ay nananatiling kumpidensyal at protektado, at ang proseso ng pagtatapon ng datos ay isinagawa alinsunod sa umiiral na batas tulad ng *Data Privacy Act of 2012*.

***4.5.3 Autonomy and Respect.*** Sa bawat yugto ng pag-aaral, kinilala ng mga mananaliksik ang mga karapatan ng mga kalahok sa anumang mga pagpapasya na may kaugnayan sa proseso ng pag-aaral. Malaya ang mga

kalahok na tumanggi o hindi sumagot sa mga tanong na kanilang itinuturing na sensitibo o kumpidensiyal. Ginalang ng mga mananaliksik ang mga opinyon at saloobin ng mga kalahok at tinitiyak na walang pag-impluwensya sa kanilang mga tugon. Naging maingat ang mga mananaliksik sa paggamit ng mga salita, kilos, at emosyon upang maiwasan ang diskriminasyon.

***4.5.4. Use of Deception*.** Tiniyak ng pag-aaral na maging malinaw ang layunin sa mga kalahok. Binigyan ng oryentasyon ang mga kalahok hinggil sa suliranın, layunin, at pamamaraan ng pananaliksik. Naging tapat ang mga mananaliksik sa proseso ng pagsasagawa at maging bukas sa anumang pagbabago na maaaring mangyari habang isinasagawa ang pananaliksik

***4.5.5 Data Manipulation*.** Tiniyak ng mga mananaliksik na mapanatili ang pagiging tapat at obhetibo mula sa pagtatala, pagsusuri, at pagpapakahulugan ng mga datos. Hindi ginawa ng mananaliksik ang anumang pag mamanipula ng datos, bilang pagtalima sa etikal na pamantayan ng pananaliksik. Ang mga datos na nakuha mula sa mga kalahok lamang ang magiging basehan ng pag-aaral.

***4.5.6 Disclosure of Conflict of Interest***. Ipinahayag ng mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay walang anumang *conflict of interest (COI).* Walang natanggap na pinansyal na pakinabang, regalo, o anumang uri ng insentibo na maaaring makaapekto sa layunin, proseso, at resulta ng pananaliksik. Dahil dito, nananatiling obhetibo at nakatuon sa kapakanan ng mga kalahok at sa pagiging mapagkakatiwalaan ng mga datos ang isinagawang pag-aaral.

***4.6 Pagsusuri Ng Datos***

Ang nakalap na datos ay sinuri upang mas mapadali ang pagtataya rito. Gumamit ng *Descriptive-Correlational Statistical Analysis* ang mga mananaliksik upang ipresenta ang mga datos. Sa bahaging descriptive analysis, gumamit ng *Weighted Mean* upang matukoy at mailarawan ang antas ng mga hamon at estratehiyang kinakaharap ng mga PST Filipino major sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito, naipapakita ang kabuuang paglalarawan ng mga nakalap na datos sa anyong organisado at madaling maunawaan.

Samantala, sa bahaging correlational, gumamit ang *Spearman Rank-Order Correlation* upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng mga hamon at estratehiya. Pinili ang paraang ito dahil ang bilang ng mga respondente ay labing-siyam (19) lamang, kaya't ito ay angkop na gamitin sa maliit na bilang ng kalahok at hindi nangangailangan ng normal na distribusyon ng datos. Sa kabuuan, ang mga pamamaraang estadistika na ito ay ginamit upang makabuo ng malinaw, sistematiko, at makabuluhang pagsusuri ng mga datos sa pag-aaral

| | **Paglalahad ng Suliranin** | **Data Statistical Tool** |
|---|---|---|
| **1.** | Ano-ano ang iba't- ibang estratehiya na ginagamit ng mga PST Filipino major sa pagtuturo ng asignaturang Filipino? | Weighted Mean |
| **2.** | Ano-ano ang mga hamon na kinakaharap ng mga PST Filipino major sa pagtuturo ng asignaturang Filipino? | Weighted Mean |
| **3.** | May kaugnayan ba ang mga estratehiya sa mga hamon na kinakaharap ng mga PST Filipino major sa pagtuturo? | Spearman Rank-Order Correlation |

Sa kabilang banda, para sa una at ikalawang suliranin na naglalayong alamin ang mga estratehiyang ginagamit at mga hamong kinakaharap ng mga WMSU PST Filipino major, ang pangunahing kasangkapan na

ginamit ay ang *Weighted Mean.* Ang istatistikang ito ang magsisilbing batayan upang makuha ang average na tugon ng mga kalahok base sa *5-point scale* na galing din sa inadapt na instrumento nila Ismail, S. at Jarrah, A. (2018) sa pag-aaral nilang pinamagatang "*Exploring Pre-Service Teacher`S Perception Of Their Pedagogical Preferences, Teaching, Competence And Motivation at* Galilio, E. at Janer, S. (2021) sa pag-aaral nilang pinamagatang "Pagdalumat Sa Kalagayang Pedagohikal Sa Akademikong Filipino Sa Transpormatibong Kadawyan".

**(5) Lubos na Sumasang-ayon,**

**(4) Sumasang-ayon,**

**(3) Di sumasang-ayon,**

**(2) Lubos na di sumasang-ayon,**

**(1) Walang Komento**

Ang makukuhang mean ay binigyan ng kaukulang interpretasyon upang matukoy ang antas ng paggamit ng mga estratehiya at ang tindi ng mga hamong nararanasan. Ito ay nakabatay sa *General Weighted Average* kung saan ang 1.0 – 1.80 ay walang komento, 1.81 – 2.60 ay lubos na hindi sumasang-ayon, 2.61 – 3.40 ay hindi sumasang-ayon, 3.41 – 4.20 ay sumasang-ayon, at 4.21 – 5.0 ay lubos na sumasang-ayon.

Samantala, sa ikatlong suliranin, na naglalayong matukoy kung may kaugnayan ang mga estratehiyang ginamit ng nga PST at mga hamon na kanilang kinakaharap sa pagtuturo, ginamit ng mananaliksik ang *Spearman Rank-Order Correlation*. Ito ang instrumentong susuri ng relasyon ng dalawang baryabol. Sa pamamagitan ng istatistikang ito, matutuklasan ng mananaliksik kung ang paggamit ng estratehiya sa pagtuturo ay may direktang kaugnayan sa mga hamong nararanasan ng mga WMSU PST Filipino Major.

Kaugnay nito, ayon kina Frederick J. Gravetter at Larry B. Wallnau sa kanilang aklat na pinamagatang *Statistics for the Behavioral Sciences*, ang *correlation coefficient* ay may saklaw mula -1 hanggang +1, kung saan ang sign ay positibo o negatibo, ito ay nagpapakita ng direksyon ng ugnayan, at ang laki ng halaga nito ang nagsasabi ng lakas ng relasyon. Ang mga halagang mas malapit sa ±1 ay nagpapahiwatig ng mas malakas na ugnayan, samantalang ang mga halagang malapit sa 0 ay nagpapakita ng mahinang ugnayan.

| Correlation Coefficient | Interpretasyon |
|---|---|
| **±0.00 – ±0.19** | Napakahina |
| **±0.20 – ±0.39** | Mahina |
| **±0.40 – ±0.59** | Katamtaman |
| **±0.60 – ±0.79** | Malakas |
| **±0.80 – ±1.00** | Napakalakas |

## V. Resulta At Pagtatalakay

Makikita sa bahaging ito ang resulta ng pananaliksik, and interpretasyon, konklusyon sa kabuuang pag-aaral at ang rekomendasyon ng mga mananaliksik batay sa nakalap na resulta.

*1. Ano-ano ang Iba't Ibang estratehiya na ginagamit ng mga PST Filipino Majors sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?*

***Talahanayan 1***

Iba't Ibang Estratehiya sa Pagtuturo ng mga PST Filipino Majors Sa asignaturang Filipino

| Mga Estratehiya | Weighted Mean | SD | Berbal na Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| **1. Pag-arte** | 4.00 | 1.054 | *Sumasang-ayon* |
| **2. Presentasyon** | 4.74 | 0.452 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **3. Interaktibong gawain** | 4.68 | 0.478 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **4. Gawaing labas ng silid-aralan** | 3.32 | 1.293 | *Hindi Sumasang-ayon* |
| **5. Talakayan** | 4.47 | 1.020 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **6. Eksplorasyon/pagtuklas** | 4.26 | 0.991 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **7. Demonstrasyon** | 4.63 | 0.597 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **8. Pagtatanong** | 4.74 | 0.452 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **9. Pangkatang gawain** | 4.68 | 0.749 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **10. Indibidwal na gawain** | 4.68 | 0.478 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **11. Teknik sa pagtatanong** | 4.63 | 0.496 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **12. Paglutas ng suliranin** | 4.63 | 0.597 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **Average Weigted Mean** | 4.46 | 0.656 | *Lubos na Sumasang-ayon* |

**Legend:**
4.21 – 5.0 – Lubos na Sumasang- ayon
3.41 – 4.20 – Sumasang-ayon
2.61 – 3.40 – Hindi Sumasang-ayon
1.81 – 2.60 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon
1.0 – 1.80 – Walang Komento

Ipinapakita sa talahanayan ang iba't ibang estratehiyang ginamit ng mga PST Filipino Majors sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang kabuuang average weighted mean na 4.46 (SD = 0.656) ay may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na ang mga respondente ay may mataas na antas ng pagsang-ayon sa paggamit ng mga estratehiyang ito. Ipinakikita rin nito na ang mga napiling pamamaraan ay karaniwang ginagamit at itinuturing na epektibo sa proseso ng pagtuturo.

Batay sa ranggo, ang presentasyon (M = 4.74, SD = 0.452) at pagtatanong (M = 4.74, SD = 0.452) ang may pinakamataas na mean. Ang mababang standard deviation ng mga ito ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga respondente. Ipinahihiwatig nito na ang dalawang estratehiya ay pangunahing

ginagamit sa pagtuturo ng Filipino. Ang ganitong resulta ay umaayon sa teorya ng konstruktibismo, kung saan binibigyang-diin ang aktibong partisipasyon ng mag-aaral sa pagbuo ng kaalaman sa pamamagitan ng interaksyon at diskurso (Jerome Bruner, 1961; Lev Vygotsky, 1978). Kaayon din ito ng pag-aaral nina Aquino at De Guzman (2021) na nagsasabing ang madalas na paggamit ng questioning techniques ay nakatutulong sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan.

Sumunod naman ang mga estratehiyang interaktibong gawain, pangkatang gawain, at indibidwal na gawain (pawang M = 4.68), gayundin ang demonstrasyon, teknik sa pagtatanong, at paglutas ng suliranin (pawang M = 4.63). Ang mga ito ay may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon at may relatibong mababang standard deviation, na nagpapahiwatig ng konsistensiya sa pananaw ng mga respondente. Ang mga estratehiyang ito ay nagpapakita ng malinaw na pagtuon sa learner-centered approaches. Ayon kay John Dewey (1938), ang pagkatuto ay higit na nagiging makabuluhan sa pamamagitan ng aktibong karanasan o learning by doing. Sinusuportahan din ito nina David W. Johnson at Roger T. Johnson (1999), na nagsasabing ang kooperatibong pagkatuto ay nakatutulong sa pagpapabuti ng akademikong pagganap at interaksyong sosyal ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang talakayan (M = 4.47, SD = 1.020) at eksplorasyon/pagtuklas (M = 4.26, SD = 0.991) ay may mataas pa ring mean ngunit may mas mataas na standard deviation, na nagpapahiwatig ng pagkakaiba-iba ng pananaw ng mga respondente hinggil sa paggamit ng mga ito. Maaaring ito ay dulot ng iba't ibang antas ng kahandaan ng guro o ng mga mag-aaral sa paggamit ng ganitong mga estratehiya. Gayunpaman, ayon kay Jerome Bruner (1961), ang pagkatutong nakabatay sa pagtuklas ay mahalaga upang malinang ang kritikal na pag-iisip, bagama't nangangailangan ito ng sapat na paggabay mula sa guro.

Samantala, ang pag-arte (M = 4.00, SD = 1.054) ay may interpretasyon Sumasang-ayon at nagpapakita ng mas malaking pagkakaiba-iba ng pananaw. Ipinahihiwatig nito na bagamat ginagamit ang estratehiyang ito, hindi ito kasingdalas o kasing epektibo sa lahat ng konteksto. Ayon kay Howard Gardner (1983), ang dramatization ay epektibo lamang sa mga mag-aaral na may hilig sa bodily-kinesthetic at interpersonal na talino, kaya't maaaring hindi ito angkop sa lahat ng sitwasyon sa silid-aralan.

Pinakamababa naman ang gawaing labas ng silid-aralan (M = 3.32, SD = 1.293) na may interpretasyon Hindi Sumasang-ayon at may pinakamataas na standard deviation. Ipinapakita nito na ito ang hindi gaanong ginagamit na estratehiya at may malaking pagkakaiba-iba sa pananaw ng mga respondente. Bagama't mahalaga ang ganitong estratehiya, binanggit ni David A. Kolb (1984) na ang experiential learning ay nangangailangan ng maayos na pagpaplano upang maging epektibo sa pagkatuto. Katulad din ito ng natuklasan nina Ormrod (2018) na bagamat epektibo ang experiential learning sa pagpapalalim ng pag-unawa, madalas itong hinahadlangan ng kakulangan sa oras, kagamitan, at administratibong suporta.

Ipinapakita ng resulta na ang mga pre-service teachers (PST) Filipino majors ay lubos na sumasang-ayon sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo gaya ng presentasyon, interaktibong gawain, talakayan, pagtatanong, at demonstrasyon. Ipinahihiwatig nito na ang mga PST sa modernong edukasyon ay may kamalayan sa kahalagahan ng learner-centered approaches sa pagtuturo, kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Corpin at Dioso (2025) na nagsasabing ang paggamit ng angkop na estratehiya ay nakatutulong sa classroom management at nagpapabuti sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Gayundin, ang paggamit ng interaktibong gawain at cooperative learning ay may tulad sa pag-aaral ni Gillies (2016) na nagpapakita na ang kolaboratibong pagkatuto ay nagpapataas ng engagement at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ang mataas na mean ng mga estratehiyang tulad ng pagtatanong at interaksyon ay nagpapakita ng pagsunod ng mga PST sa mga prinsipyo ng Teoryang Kognitibo ni Robert Gagné, partikular sa mga hakbang tulad ng:pagkuha ng atensyon,pagbibigay ng gabay sa pagkatuto, at pagbibigay ng feedback.Ipinapahiwatig nito na ang kanilang mga estratehiya ay sistematiko at nakatutok sa pagpapadali ng pagkatuto.

Gayunpaman, ang mababang marka sa "gawain labas ng silid-aralan" ay nagpapakita ng limitadong paggamit ng experiential learning. Ito ay may implikasyon na maaaring kailangan pang palawakin ng mga PST ang kanilang kakayahan sa paggamit ng authentic at contextualized learning experience**s**, na binibigyang-diin sa pag-aaral nina **Maxwell Tsoka (2022)** na mahalaga ang kontekstwal na pagtuturo.

Sa kabuuan, malinaw na ang mga PST Filipino Majors ay higit na gumagamit ng mga estratehiyang nakatuon sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, na umaayon sa mga makabagong teorya sa edukasyon. Ipinapakita rin ng pagkakatulad ng resulta sa iba't ibang literatura at pananaliksik na ang paggamit ng learner-centered at interactive strategies ay nananatiling mahalagang salik sa epektibong pagtuturo ng asignaturang Filipino.

*2. Ano-ano ang mga hamon ang kinakaharap ng mga PST Filipino majors sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?*

***Talahanayan 2***

Hamon na Kinakaharap ng mga PST Filipino Majors sa Larangan ng Wika sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

| **Mga Hamon** | **Weighted Mean** | **SD** | **Berbal na Deskripsyon** |
|---|---|---|---|
| **1. Kakulangan sa mga estratehiya at pamamaraang pangwika** | 3.79 | 1.084 | *Sumasang-ayon* |
| **2. Kakulangan ng sapat na kagamitang pampagkatuto** | 4.11 | 0.567 | *Sumasang-ayon* |
| **3. Kakulangan ng oras upang maunawaan ang wika at gramatika** | 3.53 | 1.307 | *Sumasang-ayon* |
| **4. Kakulangan ng sapat na leksikon** | 3.42 | 1.387 | *Sumasang-ayon* |
| **5. Kakulangan sa inobatibong pamamaraan ng pagtuturo** | 3.53 | 0.964 | *Sumasang-ayon* |
| **6. Kakulangan sa kasanayang panggramatika** | 3.74 | 1.046 | *Sumasang-ayon* |
| **Average Weigted Mean** | 3.68 | 1.012 | *Sumasang-ayon* |

**Legend:**
4.21 – 5.0 – Lubos na Sumasang- ayon
3.41 – 4.20 – Sumasang-ayon
2.61 – 3.40 – Hindi Sumasang-ayon

1.81 – 2.60 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon
1.0 – 1.80 – Walang Komento

Ipinapakita sa talahanayan ang mga hamon na kinakaharap ng mga PST Filipino Majors sa larangan ng wika. Ang kabuuang average weighted mean na 3.68 (SD = 1.012) ay may interpretasyong Sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na ang mga nabanggit na suliranin ay karaniwang nararanasan ng mga respondente sa kanilang pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Batay sa ranggo, ang kakulangan ng sapat na kagamitang pampagkatuto (M = 4.11, SD = 0.567) ang may pinakamataas na mean. Ang mababang SD nito ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga respondente. Ipinahihiwatig nito na ang kakulangan sa instructional materials ay isa sa pinakamalaking hamon sa pagtuturo. Ang ganitong resulta ay sinusuportahan ng mga pag-aaral na nagpapakita na ang sapat na kagamitang pampagkatuto ay mahalaga sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral at pagiging epektibo ng guro (Lev Vygotsky, 1978), lalo na sa kontekstong nangangailangan ng interaksyon at suporta sa pagkatuto.

Sumunod naman ang kakulangan sa mga estratehiya at pamamaraang pangwika (M = 3.79, SD = 1.084). Bagama't ito ay may interpretasyong Sumasang-ayon, ang mas mataas na SD ay nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng karanasan ng mga respondente. Ipinahihiwatig nito na hindi pare-pareho ang antas ng kahandaan ng mga PST sa paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng wika. Ayon kay Lee Shulman (1987), mahalaga ang pedagogical content knowledge upang maipakita ng guro ang angkop na paraan ng pagtuturo ng nilalaman, partikular sa asignaturang nakatuon sa wika.

Kasunod nito ang kakulangan sa kasanayang panggramatika (M = 3.74, SD = 1.046). Ipinapakita nito na may kakulangan pa rin sa mastery ng gramatika ang ilang PST, na mahalaga sa epektibong pagtuturo ng Filipino. Ang relatibong mataas na SD ay nagpapahiwatig ng hindi pagkakapareho ng antas ng kasanayan ng mga respondente. Ayon sa pananaw ni Noam Chomsky (1965), ang kaalaman sa estruktura ng wika ay mahalaga upang maunawaan at maituro ito nang maayos.

Ang kakulangan ng oras upang maunawaan ang wika at gramatika (M = 3.53, SD = 1.307) at kakulangan sa inobatibong pamamaraan ng pagtuturo (M = 3.53, SD = 0.964) ay parehong may katamtamang mean. Gayunpaman, mapapansin ang mas mataas na SD sa kakulangan ng oras, na nagpapahiwatig ng malaking pagkakaiba sa karanasan ng mga respondente. Ipinahihiwatig nito na ang time constraints ay isang mahalagang salik na nakaaapekto sa pagkatuto at paghahanda ng guro. Ayon kay John Dewey (1938), ang sapat na oras para sa pagkatuto ay mahalaga upang magkaroon ng makabuluhang karanasan sa edukasyon.

Samantala, ang kakulangan ng sapat na leksikon (M = 3.42, SD = 1.387) ang may pinakamababang mean ngunit nananatili sa antas na Sumasang-ayon. Ito rin ang may pinakamataas na SD, na nagpapahiwatig ng malaking pagkakaiba-iba sa pananaw ng mga respondente. Ipinapakita nito na bagama't ito ay hamon, hindi ito pare-parehong nararanasan ng lahat. Ayon kay Stephen Krashen (1982), mahalaga ang malawak na bokabularyo sa pagkatuto ng wika, ngunit ito ay nade-develop sa pamamagitan ng patuloy na exposure at paggamit ng wika.

Batay sa resulta, halos lahat ng PST ay sumasang-ayon na nakakaranas sila ng iba't ibang hamon tulad ng kakulangan sa kasanayang panggramatika, kakulangan sa instructional materials, at kakulangan sa oras. Ang implikasyon nito ay malinaw: kahit may kaalaman sa mga estratehiya, ang praktikal na aplikasyon nito ay nakaka apekto ng iba't ibang panloob at panlabas na salik. Ipinapakita nito ang agwat sa pagitan ng teorya at aktwal na pagtuturo, at ito`y isa sa mga karaniwang suliranin sa practice teaching ng mga PST.

Ito ay suportado ng pag-aaral nina Serliana, Utami, at Kamil (2021) at Buckworth (2016) na nagsasaad nagiging balakid sa mga PST ang *classroom management, instructional delivery*, at pag-angkop sa tunay na sitwasyon sa silid-aralan sa kanilang pagtuturo.

Ang kakulangan sa kasanayang panggramatika ay nagpapahiwatig ng pangangailangan sa mas matibay na *linguistic competence*, na mahalaga ayon kay Zafra (2018) dahil ang pagtuturo ng Filipino ay hindi lamang tungkol sa komunikasyon kundi pati sa wastong paggamit ng wika. Samantala, ang kakulangan sa oras at instructional materials ay sumusuporta sa ideya nina Karim at Abbas (2024) na ang limitadong resources at practicum duration ay hadlang sa epektibong pagtuturo.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang pangunahing hamon ng mga PST Filipino Majors ay nakatuon sa kakulangan ng mga kagamitang pampagkatuto, estratehiya, at kasanayang pangwika. Ang mga natuklasang ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas malawak na suporta sa pagsasanay ng mga guro, lalo na sa larangan ng pedagogical at linguistic competence.

***Talahanayan 3***

Hamon na Kinakaharap ng mga PST Filipino Majors sa Larangan ng Panitikan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

| **Mga Hamon** | **Weighted Mean** | **SD** | **Berbal na Deskripsyon** |
|---|---|---|---|
| **1. Hindi sapat ang pagkilala sa mga lokal na akda** | 4.11 | .937 | *Sumasang-ayon* |
| **2. Kakulangan sa pagsasanay at palihan** | 4.16 | 1.015 | *Sumasang-ayon* |
| **3. Kakulangan ng oras sa pagpapaliwanag ng teksto** | 3.95 | .911 | *Sumasang-ayon* |
| **4. Kakulangan ng mga dulog sa pagtuturo** | 3.68 | .885 | *Sumasang-ayon* |
| **5. Kakulangan ng inobatibong pamamaraan** | 3.68 | .749 | *Sumasang-ayon* |
| **6. Hindi malinaw ang pagpapakilala ng akda sa ibang rehiyon** | 4.37 | .597 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **7. Naaapektuhan ang identidad sa pagtuturo ng panitikan** | 3.53 | 1.219 | *Sumasang-ayon* |
| **8. Kahirapan sa estruktura at konteksto ng akda** | 4.00 | .816 | *Sumasang-ayon* |
| **9. Kakulangan ng babasahing pampanitikan** | 4.05 | .970 | *Sumasang-ayon* |
| **10. Maayos ang daloy ng pagtuturo** | 3.74 | .872 | *Sumasang-ayon* |
| **Average Weigted Mean** | 3.93 | .831 | *Sumasang-ayon* |

**Legend:**
4.21 – 5.0 – Lubos na Sumasang- ayon
3.41 – 4.20 – Sumasang-ayon
2.61 – 3.40 – Hindi Sumasang-ayon
1.81 – 2.60 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon
1.0 – 1.80 – Walang Komento

Ipinapakita sa talahanayan ang mga hamon na kinakaharap ng mga PST Filipino Majors sa pagtuturo ng panitikan. Ang kabuuang *average weighted mean* na 3.93 (SD = 0.831) ay may interpretasyong Sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na ang mga nabanggit na hamon ay karaniwang nararanasan sa pagtuturo ng panitikang Filipino.

Batay sa ranggo, ang "hindi malinaw ang pagpapakilala ng akda sa ibang rehiyon" (M = 4.37, SD = 0.597) ang may pinakamataas na mean at may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ang mababang SD ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga respondente. Ipinahihiwatig nito na isa sa pinakamalaking hamon ang kakulangan sa malinaw at kontekstuwalisadong pagpapakilala ng mga akdang mula sa iba't ibang rehiyon. Ang ganitong resulta ay umaayon sa pananaw ng Lev Vygotsky (1978), na binibigyang-diin ang kahalagahan ng konteksto at kultura sa pag-unawa ng teksto. Dagdag pa nito, ayon sa pag-aaral nina Llego (2020), ang lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ay kritikal sa pagtuturo ng Filipino upang mas maging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral mula sa kanilang sariling karanasan at kultura. Dahil dito, binibigyang diin nito ang pangangailangan para sa mga Pre-service Teachers Filipino Major na hindi lamang dapat maging pamilyar sa mga akda kundi maging mapanuri at malikhain sa paghahanap at pagpapakilala ng mga rehiyonal na panitikan upang mapanatili ang inklusibong edukasyon.

Sumunod ang kakulangan sa pagsasanay at palihan (M = 4.16, SD = 1.015) at hindi sapat ang pagkilala sa mga lokal na akda (M = 4.11, SD = 0.937). Bagama't kapwa may interpretasyong Sumasang-ayon, mapapansin ang mas mataas na SD sa kakulangan sa pagsasanay, na nagpapakita ng pagkakaiba-iba sa karanasan ng mga respondente. Ipinahihiwatig nito na hindi pantay ang oportunidad ng mga PST sa professional development. Ayon kay Lee Shulman (1987), mahalaga ang sapat na pagsasanay upang mapaunlad ang kakayahan ng guro sa pagtuturo ng nilalaman at pamamaraan, lalo na sa asignaturang panitikan. Ito rin ay sinusuportahan ng obserbasyon nina Bilbao et al. (2015) na ang kalidad ng pagtuturo ay direktang nakasalalay sa sapat na kagamitan at patuloy na *professional development*. Bilang tugon sa ganitong sitwasyon, mahalaga ang papel ng mga unibersidad at institusyon na paigtingin ang mga *hands-on* na pagsasanay at gawing mas *accessible* ang mga *digital* at pisikal na library ng mga akdang pampanitikan.

Kasunod nito ang kakulangan ng babasahing pampanitikan (M = 4.05, SD = 0.970) at kahirapan sa estruktura at konteksto ng akda (M = 4.00, SD = 0.816). Ang mga ito ay nagpapahiwatig na ang kakulangan sa resources at ang kompleksidad ng mga akda ay mga salik na nakaaapekto sa epektibong pagtuturo ng panitikan. Ayon kay Louise Rosenblatt (1978), ang pag-unawa sa panitikan ay nagmumula sa interaksyon ng mambabasa at teksto, kaya mahalaga ang sapat na babasahin at malinaw na konteksto upang mapalalim ang interpretasyon.

Ang kakulangan ng oras sa pagpapaliwanag ng teksto (M = 3.95, SD = 0.911) ay nagpapakita rin ng isang mahalagang hamon. Ipinahihiwatig nito na ang limitadong oras ay nakaaapekto sa lalim ng pagtalakay sa panitikan. Sinusuportahan ito ng pananaw ni John Dewey (1938), na nagsasabing ang makabuluhang pagkatuto ay nangangailangan ng sapat na oras upang maproseso ang karanasan at kaalaman.

Samantala, ang maayos ang daloy ng pagtuturo (M = 3.74, SD = 0.872) ay may interpretasyong Sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na may mga pagkakataong nagiging hamon ang organisasyon ng leksyon. Ang kakulangan ng mga dulog sa pagtuturo (M = 3.68, SD = 0.885) at kakulangan ng inobatibong pamamaraan (M = 3.68, SD = 0.749) ay nagpapakita rin ng pangangailangan sa mas malikhaing paraan ng pagtuturo ng panitikan. Ayon kay Jerome Bruner (1961), mahalaga ang paggamit ng iba't ibang dulog upang mapadali ang pagkatuto at mapukaw ang interes ng mga mag-aaral.

Pinakamababa naman ang "naaapektuhan ang identidad sa pagtuturo ng panitikan" (M = 3.53, SD = 1.219), bagama't nananatili sa interpretasyong Sumasang-ayon. Ang mataas na SD nito ay nagpapakita ng malaking pagkakaiba-iba sa pananaw ng mga respondente. Ipinahihiwatig nito na ang isyu ng identidad ay hindi pare-parehong nararanasan, ngunit nananatiling mahalagang konsiderasyon. Ayon kay Paulo Freire (1970), ang edukasyon ay may mahalagang papel sa paghubog ng identidad at kamalayang panlipunan ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, bagaman may sapat na kaalaman ang mga PST Filipino Major sa daloy ng pagtuturo, nalilimitahan sila ng mga panlabas na salik gaya ng kagamitan, kakulangan sa rehiyonal na diskurso, kakulangan ng kontekstuwalisasyon, pagsasanay, at oras. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan para sa mas malawak na suporta sa mga guro, partikular sa paglinang ng kanilang kakayahang pampanitikan at pedagogikal.

**Talahanayan 4**

Hamon na Kinakaharap ng mga PST Filipino Majors sa Larangan ng Teaching Practice sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

| **Mga Hamon** | **Weighted Mean** | **SD** | **Berbal na Deskripsyon** |
|---|---|---|---|
| **1. Pagdidisenyo ng kagamitang panturo** | 3.95 | 1.129 | *Sumasang-ayon* |
| **2. Hindi sapat na gabay mula sa mentor** | 3.16 | 0.834 | *Hindi Sumasang-ayon* |
| **3. Pagpapanatili ng disiplina** | 3.79 | 0.918 | *Sumasang-ayon* |
| **4. Kahirapan sa layunin sa pagkatuto** | 3.42 | 0.902 | *Sumasang-ayon* |
| **5. Pagtuturo ng iba't ibang aralin** | 3.53 | 0.964 | *Sumasang-ayon* |
| **6. Paghalili sa guro** | 3.21 | 0.787 | *Hindi Sumasang-ayon* |
| **7. Gawaing klerikal** | 3.37 | 1.065 | *Hindi Sumasang-ayon* |
| **8. Pag-oorganisa ng aktibidad** | 3.89 | 0.809 | *Sumasang-ayon* |
| **9. Pamamahala ng oras** | 4.37 | 0.831 | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| **10. Ugnayan sa paaralan** | 3.11 | 1.329 | *Hindi Sumasang-ayon* |
| **11. Pagtatasa ng pagkatuto** | 3.58 | 0.961 | *Sumasang-ayon* |
| **12. Iba't ibang kakayahan ng mag-aaral** | 4.32 | 0.885 | *Lubos na Sumasang-ayon* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **13. Suliranin sa wika** | 3.58 | 1.017 | *Sumasang-ayon* |
| **14. Paglalapat ng natutuhan** | 3.16 | 1.119 | *Hindi Sumasang-ayon* |
| **Average Weighted Mean** | 3.60 | 0.901 | *Sumasang-ayon* |

**Legend:**
4.21 – 5.0 – Lubos na Sumasang- ayon
3.41 – 4.20 – Sumasang-ayon
2.61 – 3.40 – Hindi Sumasang-ayon
1.81 – 2.60 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon
1.0 – 1.80 – Walang Komento

Ipinapakita sa talahanayan ang mga hamon na kinakaharap ng mga PST Filipino Majors sa kanilang teaching practice. Ang kabuuang average weighted mean na 3.60 (SD = 0.901) ay may interpretasyong Sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na ang mga respondente ay karaniwang nakararanas ng iba't ibang hamon sa aktwal na pagtuturo.

Batay sa ranggo, ang pamamahala ng oras (M = 4.37, SD = 0.831) ang may pinakamataas na mean na may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ipinakita ng relatibong mababang SD na may pagkakapareho-pareho ang pananaw ng mga respondente. Ipinahihiwatig nito na ang time management ay isa sa pinakamalaking hamon sa teaching practice. Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral na nagpapakita na ang mahusay na pamamahala ng oras ay mahalaga sa epektibong pagtuturo at organisasyon ng gawain sa silid-aralan (Harry K. Wong & Rosemary T. Wong, 2009). Ito rin ay pinagtibay ng pag-aaral nina Mercado at Abas (2021), na nagsasabing ang mga nagsisimulang guro ay madalas makaranas ng *time pressure* dahil sa pagbabalanse ng pagtuturo, paghahanda ng *lesson plan*, at paggawa ng mga ulat. Bunga nito, kinakailangan na ang mga PST Filipino Major ay mahubog sa aspeto ng *prioritization* at *instructional efficiency* upang hindi mai sakripisyo ang kalidad ng diskurso sa loob ng klase dahil lamang sa limitadong oras. Ang implikasyong ito ay nagtutulak sa mga institusyon na ituro ang mga estratehiya sa *time-blocking* at mabilis na pagdedesisyon sa loob ng silid-aralan.

Kasunod nito ang iba't ibang kakayahan ng mag-aaral (M = 4.32, SD = 0.885) na may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ipinapahiwatig nito na nahaharap ang mga PST sa hamon ng learner diversity. Ayon kay Howard Gardner (1983), ang mga mag-aaral ay may iba't ibang uri ng talino, kaya't kinakailangan ang differentiated instruction upang matugunan ang kanilang pangangailangan. Ang resultang ito ay umaayon din sa teorya ni Tomlinson (2014) hinggil sa Differentiated Instruction. Ayon sa kanya, ang guro ay dapat maging sensitibo sa kahandaan, interes, at learning profile ng mga bata upang maging inklusibo ang pagtuturo. Bilang tugon sa ganitong sitwasyon, mahalaga na ang kurikulum para sa mga PST ay magbigay ng higit na *emphasis* sa mga estratehiyang tumutugon sa diverse learners, gaya ng paggamit ng *multimedia* at iba't ibang antas ng mga gawain. Ipinahihiwatig nito na ang pagiging bihasa sa teorya ay hindi sapat, kailangang maranasan ng mga PST ang aktwal na pag-aangkop ng materyales para sa mga mag-aaral na may iba't ibang bilis ng pagkatuto.

Sumunod ang mga hamong may interpretasyong Sumasang-ayon, kabilang ang pagdidisenyo ng kagamitang panturo (M = 3.95, SD = 1.129), pag-oorganisa ng aktibidad (M = 3.89, SD = 0.809), at pagpapanatili ng disiplina (M = 3.79, SD = 0.918). Ang mga ito ay nagpapakita ng mahalagang aspeto ng classroom management at instructional planning. Ayon kay Lee Shulman (1987), mahalaga ang kakayahan ng guro sa pagdidisenyo ng mga kagamitang panturo at pag-oorganisa ng leksyon upang maging epektibo ang pagtuturo.

Kasama rin sa katamtamang antas ng hamon ang pagtatasa ng pagkatuto (M = 3.58, SD = 0.961), suliranin sa wika (M = 3.58, SD = 1.017), at pagtuturo ng iba't ibang aralin (M = 3.53, SD = 0.964). Ipinapahiwatig nito na ang assessment literacy at language proficiency ay mahalagang aspeto ng teaching practice. Ayon kina Paul Black at Dylan Wiliam (1998), ang epektibong pagtataya ay may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang kahirapan sa layunin sa pagkatuto (M = 3.42, SD = 0.902) ay nagpapahiwatig ng hamon sa pag-align ng objectives sa leksyon, na mahalaga sa lesson planning. Samantala, ang gawaing klerikal (M = 3.37, SD = 1.065) ay may interpretasyong Hindi Sumasang-ayon, ngunit may mataas na SD, na nagpapakita ng pagkakaiba-iba sa karanasan ng mga respondente.

Pinakamababa naman ang mga hamong may interpretasyong Hindi Sumasang-ayon, kabilang ang paghalili sa guro (M = 3.21, SD = 0.787), hindi sapat na gabay mula sa mentor (M = 3.16, SD = 0.834), paglalapat ng natutuhan (M = 3.16, SD = 1.119), at ugnayan sa paaralan (M = 3.11, SD = 1.329). Ipinapahiwatig nito na ang mga aspektong ito ay hindi gaanong nararanasan bilang pangunahing hamon, bagama't ang mataas na SD sa ugnayan sa paaralan ay nagpapakita ng hindi pagkakapareho ng karanasan. Ayon kay Lev Vygotsky (1978), mahalaga ang social interaction at suporta mula sa kapaligiran sa pagkatuto at pag-unlad ng guro.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang pangunahing hamon ng mga PST Filipino Majors sa teaching practice ay nakatuon sa pamamahala ng oras, pagtugon sa iba't ibang kakayahan ng mag-aaral, at mga kasanayan sa instructional planning at assessment. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan para sa mas pinalakas na pagsasanay at suporta sa larangan ng praktikal na pagtuturo.

*3. May kaugnayan ba ang mga estratehiya sa mga hamon na kinakaharap ng mga PST Filipino majors sa pagtuturo?*

Talahanayan 5

**Kaugnayan ng Estratehiya sa mga Hamong Kinakaharap ng mga PST Filipino Majors sa pagtuturo**

| | | | **Hamon sa Wika** | **Hamon sa Panitikan** | **Hamon sa Teaching Practice** |
|---|---|---|---|---|---|
| **Spearman's rho** | **Estratehiya** | Correlation Coefficient | .993** | .992** | .992** |
| | | Sig. (2-tailed) | .000 | .000 | .000 |
| | | Interpretation | ***Significant*** | ***Significant*** | ***Significant*** |

****. Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed).**

Ipinapakita sa talahanayan ang ugnayan sa pagitan ng mga estratehiyang ginagamit ng mga PST Filipino Majors at ang mga hamon na kanilang kinakaharap sa larangan ng wika, panitikan, at teaching practice. Batay sa resulta ng Spearman's rho correlation, natuklasan na may napakataas at positibong ugnayan ang mga baryabol: hamon sa wika ($r = .993$, $p = .000$), hamon sa panitikan ($r = .992$, $p = .000$), at hamon sa teaching practice ($r = .992$, $p = .000$). Ang lahat ng ito ay may interpretasyong Significant sa antas na 0.01 (2-tailed), na nagpapahiwatig na ang ugnayang ito ay hindi nagkataon lamang at may estadistika na kabuluhan.

Ang ganitong resulta ay nagpapahiwatig na habang tumataas ang antas ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo, tumataas din ang antas ng pagkilala o pagdanas ng mga hamon. Ibig sabihin, ang mga PST na mas aktibong gumagamit ng iba't ibang estratehiya ay mas nagiging mulat sa komplikadong kalikasan ng pagtuturo, kabilang ang mga suliranin sa wika, panitikan, at aktwal na teaching practice.

Ang pinakamataas na correlation coefficient (malapit sa 1.00) ay nagpapakita ng napakalakas na monotonikong ugnayan. Ayon sa mga pag-aaral sa paggamit ng Spearman correlation, ang ganitong estadistika ay ginagamit upang masukat ang antas ng ugnayan ng dalawang baryabol lalo na kung ang datos ay ordinal. Ipinapakita rin ng mga pag-aaral na kapag mataas ang correlation, nangangahulugan ito na ang pagbabago sa isang baryabol ay may kaugnayan sa pagbabago ng isa pa, bagama't hindi nito pinatutunayan ang sanhi at bunga.

Ang resulta ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng Pedagogical Content Knowledge (PCK) ni Lee Shulman (1987), kung saan ang epektibong pagtuturo ay nangangailangan ng integrasyon ng nilalaman at estratehiya. Habang mas lumalawak ang paggamit ng estratehiya, mas nahaharap ang guro sa iba't ibang sitwasyon sa pagtuturo, kaya mas nakikita niya ang mga hamon na kaakibat nito.

Dagdag pa rito, ang resulta ay sinusuportahan ng konsepto ng reflective practice ni Donald Schon (1983), kung saan ang mga guro ay natututo sa pamamagitan ng pagninilay sa kanilang karanasan.

Sa kabilang banda, ang resultang ito ay sinusuportahan din ng pag-aaral ni Pakpahan (2023) na pinamagatang *"Challenges Faced by Pre-Service Teachers During Teaching Practicum*", sinasabi dito na ang paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ay kaakibat ng pagharap sa iba't ibang hamon sa aktwal na konteksto ng silid-aralan. Sinasabi sa pag-aaral na ang *practicum* ay isang mahalagang yugto sa paghahanda ng mga *Pre-Service Teachers* sapagkat ito ang nagsisilbing tulay sa pagitan ng teoretikal na kaalaman at praktikal na aplikasyon nito. Sa pinakitang resulta, kung mas nalalantad ang mga PST sa tunay na kalagayan ng pagtuturo tulad ng *classroom management, lesson delivery,* at pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral, mas marami silang hamon na kinakaharap. Kaugnay nito, binigyang-diin din ni Buckworth (2016) na bagamat may sapat na kaalaman sa teorya ang mga pre-service teachers, madalas silang nahihirapang ilapat ito sa aktwal na sitwasyon sa silid-aralan dahil sa pagiging komplikado at hindi inaasahang mga pangyayari sa pagtuturo.

Samakatuwid, Ipinapakita nito na kinakailangang palakasin ang mga programang paghahanda sa mga guro sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas maraming pagkakataon para sa practicum, patuloy na mentoring, at integrasyon ng *reflective teaching practices*. Sa ganitong paraan, matutulungan ang mga PST na hindi lamang matutunan ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo kundi maging handa rin sa pagharap at pagresolba ng mga hamon na kanilang mararanasan sa aktwal na pagtuturo.

Ang paggamit ng iba't ibang estratehiya ay naglalagay sa PST sa mas maraming sitwasyon na nangangailangan ng pag-aangkop, kaya mas natutukoy nila ang mga hamon sa kanilang pagtuturo.

Gayunpaman, mahalagang bigyang-diin na ang correlation ay hindi nangangahulugang sanhi at bunga. Ang mataas na ugnayan ay nagpapakita lamang na may sabayang paggalaw ang mga baryabol, ngunit hindi nito pinatutunayan na ang paggamit ng estratehiya ang direktang sanhi ng mga hamon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng talahanayan na may makabuluhan at napakalakas na ugnayan sa pagitan ng mga estratehiya sa pagtuturo at mga hamong kinakaharap ng mga PST Filipino Majors. Ipinahihiwatig nito na ang pagpapalawak ng kaalaman sa estratehiya ay dapat sabayan ng sapat na paghahanda at suporta upang matugunan ang mga hamon sa pagtuturo.

**Konklusyon**

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ang mga Pre-service Teachers na nagpakadalubhasa sa Filipino ay nagpakita ng mataas na antas ng kahandaan at kasanayan sa paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo, partikular na ang mga pamamaraang interaktibo at nakatuon sa mag-aaral. Ang madalas na paggamit ng mga estratehiyang tulad ng presentasyon, pangkatang gawain, at pagtatanong ay nagpatunay na prayoridad ng mga PST na nagpakadalubhasa sa Filipino ang aktibong pakikilahok at diskurso sa loob ng silid-aralan. Gayunpaman, sa kabila ng kanilang husay sa pagpili ng mga estratehiya, nanatiling malaking hamon ang kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo at ang pangangailangang higit pang mapalalim ang kanilang kasanayang panggramatika. Ang napakalakas na ugnayan sa pagitan ng mga estratehiya at hamon ay nagpahiwatig na habang nagiging mas mapanghamon ang sitwasyon sa silid-aralan, lalong kinailangang maging malikhain at maparaan ang mga PST sa paggamit ng iba't ibang teknik upang mapanatili ang kalidad ng pagkatuto.

Sa kabilang banda, ang resulta ay matibay na sinusuportahan ng "Teoryang Kognitibo ng Pagkatuto" ni Robert Gagne. Ang sistematikong paggamit ng mga PST sa "Siyam na Kaganapan ng Pagtuturo" ni Gagne, mula sa pagkuha ng atensyon hanggang sa pagbibigay ng feedback, ay malinaw na naobserbahan sa kanilang mga ginamit na estratehiya tulad ng interaktibong gawain, pagtatanong, at pangkatang gawain. Dahil ang teorya ni Gagne ay nakatuon sa organisadong proseso ng pagtuturo upang maging epektibo ang pagganap, ang pagsisikap ng mga PST na gamitin ang mga estratehiyang ito sa gitna ng mga hamon ay nagpatunay na ang kanilang pagtuturo ay hindi lamang basta-basta kundi may lohikal na daloy. Samakatuwid, ang paglalapat ng mga kognitibong hakbang sa pagtuturo ay nagsilbing pundasyon upang mapagtagumpayan ng mga PST ang mga suliraning kinaharap nila sa aktwal na karanasan sa silid-aralan.

**Rekomendasyon**

Iminungkahi ng pananaliksik na ito na higit pang palakasin at pagyamanin ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, lalo na yaong mga napatunayang lubos na epektibo tulad ng presentasyon, pagtatanong, interaktibong gawain, at pangkatang aktibidad. Hinihikayat ng pag-aaral ang mga pre-service teachers (PST) na ipagpatuloy ang paggamit ng mga learner-centered approaches upang mapanatili ang aktibong partisipasyon at mas malalim na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Iminungkahi rin ng pag-aaral na palawakin ang paggamit ng mga gawaing labas ng silid-aralan o experiential learning, sapagkat ito ang natuklasang may pinakamababang antas ng paggamit batay sa resulta. Maaaring nagdisenyo ang mga guro ng mga kontekstuwalisado at makabuluhang gawain na nag-ugnay sa aralin at sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral upang higit na napalalim ang kanilang pag-unawa.

Bukod dito, binigyang-diin ng pag-aaral ang kakulangan sa kagamitang pampagkatuto sa pamamagitan ng paglalaan ng sapat na instructional materials at paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo. Kaugnay

nito, ang Kolehiyo ng Edukasyon ay hinikayat na nagbigay ng mas maraming pagsasanay, seminar-workshop, at simulation teaching activities upang napalakas ang pedagogical at instructional competence ng mga Pre-Service Teachers. Mahalaga ring tiniyak ng CTE ang sapat na access sa learning resources at mga makabagong kagamitang pampagtuturo na nagamit sa practicum at aktwal na pagtuturo.

Iminungkahi rin ng pag-aaral ang mas aktibong papel ng cooperating school na Zamboanga West National High School sa pagbibigay ng isang suportado at makabuluhang learning environment para sa mga PST. Itinaguyod nito ang open classroom observation, collaborative teaching, at pagbibigay ng constructive feedback mula sa mga cooperating teachers upang mas napaunlad ang kanilang praktikal na kasanayan sa pagtuturo. Sa ganitong paraan, mas naging malinaw ang transisyon mula teorya patungo sa aktwal na aplikasyon ng mga estratehiya sa pagtuturo.

Higit pa rito, binigyang-diin ang mahalagang papel ng PST Supervisor sa pagbibigay ng tuloy-tuloy na paggabay, monitoring, at evaluation sa mga Pre-Service Teachers. Siya ay nagsilbing mentor na nagbigay ng malinaw, makabuluhan, at regular na feedback upang napabuti ang performance ng mga PST. Sa pamamagitan ng maayos na koordinasyon sa CTE at cooperating school, nasiguro na ang mga layunin ng practicum ay naisakatuparan nang epektibo.

Iminungkahi rin ang pagpapalakas ng kasanayang pangwika, partikular sa gramatika at bokabularyo, sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at akademikong paghahanda. Naging mahalaga ito upang mas naging epektibo ang paghahatid ng aralin sa asignaturang Filipino.

Dagdag pa rito, iminungkahi ang pagpapaigting ng mga programang pagsasanay sa pagtuturo, lalo na sa larangan ng panitikan, upang natugunan ang kakulangan sa kontekstuwalisasyon ng mga akda, kakulangan sa babasahin, at limitadong oras sa pagpapaliwanag ng teksto. Maaaring isinagawa ang mas maraming seminar, workshop, at exposure sa iba't ibang akdang pampanitikan mula sa iba't ibang rehiyon.

Iminungkahi rin ang pagpapaunlad ng kakayahan ng mga PST sa pamamahala ng oras at pagdidisenyo ng mga aralin, sapagkat ito ang ilan sa mga pangunahing hamon sa kanilang teaching practice. Ang integrasyon ng mga estratehiyang nakabatay sa malinaw na layunin, organisadong daloy ng leksyon, at epektibong pagtatasa ay nakatulong upang napabuti ang kanilang pagtuturo.

Sa huli, iminungkahi rin ang pagsasagawa ng mga susunod pang pag-aaral na magpapatibay sa mga natuklasan ng pananaliksik na ito, partikular sa pagsusuri ng iba pang salik na maaaring nakaapekto sa pagiging epektibo ng mga estratehiya at sa pagharap ng mga PST sa iba't ibang hamon

## References

Aliyev, M., & Aliyeva, S. (2026). Challenges in pre-service teachers' adoption of innovative teaching practices during practicum. Osmangazi Journal of Educational Research, 12(2), 80–109. https://doi.org/10.59409/ojer.1788870

Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino. (2015). Petisyon laban sa CHED Memorandum Order No. 20 [PDF]. Retrieved from https://www.scribd.com/document/385197273/Petisyon-Ng-Tanggol-Wika-Laban-Sa-CMO-20

Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino. (2015). Press statement on Supreme Court temporary restraining order. Retrieved fromhttps://www.academia.edu/12060097/TANGGOL_WIKA_PRESS_STATEMENT_ON_SUPREME_COURT_TRO

Asmad, L. H., Maung, Q. D., Toto, S. A. G., Saavedra, A. D., & Villacin, J. N. O. (2024). Mga estratehiyang pinakaginagamit sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 8(2), 202–214. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.31461.41448

Bilbao, P. P., Corpuz, B. B., Llagas, A. T., & Salandanan, G. G. (2015). The teaching profession (3rd ed.). Lorimar Publishing.

Cerna, C. B., & Abueva, S. I. B. (2024). Pakikihamok ng mga BSED-Filipino pre-service teachers sa pagbabalik ng in-person

practicum: Isang kwalitatibong pananaliksik. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 10(3). https://doi.org/10.36713/epra16025
Clark, C., & Kimmons, R. (2023). Cognitive load theory (Version uploaded May 27, 2025). ResearchGate. https://doi.org/10.59668/371.12980
Commission on Higher Education. (2013). CHED Memorandum Order No. 20, series of 2013: General education curriculum framework. Retrieved from https://ched.gov.ph
Corcoran, R., & O'Flaherty, J. (2018). Factors that predict pre-service teachers' teaching performance. Journal of Education for Teaching, 44(2), 175–193. https://doi.org/10.1080/02607476.2018.1433463
Department of Education Philippines. (2016). K to 12 gabay pangkurikulum sa Filipino. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf
Gelilio, E., & Janer, S. (2021). Pagdalumat sa kalagayang pedagohikal sa akademikong Filipino sa transpormatibong kadawyan. International Journal of Research Studies in Education. https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.a140
Houichi, A., & Dallel, S. (2020). Cognitive load theory and its relation to instructional design: Perspectives of some Algerian university teachers of English. Arab World English Journal, 11(4), 110–127. https://doi.org/10.24093/awej/vol11no4.8
Jelyn, M. M., Indal, R. S., Chavez, J. V., Garil, B. A., & Delos Reyes, R. B. (2024). Alternative teaching strategies in learning Filipino language among dominant English speakers. Forum for Linguistic Studies, 6(4), 404–419. https://doi.org/10.30564/fls.v6i4.6742
Karim, L. B., & Abbas, A. M. (2024). Challenges in ELT practicum: Views and perceptions of pre-service teachers. Journal of Language Studies, 8(6), 168–182. https://doi.org/10.25130/lang.8.6.10
Khusniyah, Z. A., Shahrom, S. M., Elfiyanto, S., & Hidayanti, I. (2023). Challenges and coping strategies of EFL trainee teachers in international teaching practicum. VELS: Voices of English Language Education Society, 7(3), 471–482. http://dx.doi.org/10.29408/veles.v7i3.21253
Killen, R., & O'Toole, M. (2022). Effective teaching strategies: Lessons from research and practice (8th ed.). Cengage Learning Australia.
Llego, M. A. (2020). DepEd learning delivery modalities for school year 2020–2021. TeacherPH.
Li, Y., Liang, Z., Li, Z., Yu, Y., Yang, Q., & Li, X. (2025). Effectiveness of Gagné's 9 events of instruction in health professions education: A systematic review and meta-analysis. Frontiers in Medicine, 12, 1522830. https://doi.org/10.3389/fmed.2025.1522830
Mahinay, S. D., Fuentes, J. P., Bernadez, E. G. K., Guanzon, I. M. S., & Dela Cruz, I. D. (2024). Readiness of fourth year College of Education students for effective preservice teaching in public schools. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 8(3), 585–597. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2024.803043
Martin, B. (2015). Successful implementation of TPACK in teacher preparation programs. International Journal on Integrating Technology in Education, 4(1), 17–26. https://doi.org/10.5121/ijite.2015.4102
Maulidina, N., Maisa, M., & Rozak, D. R. (2022). Classroom management problems encountered by pre-service teachers during teaching practice. Journal of English Language Teaching and Linguistics, 7(3). Retrieved from https://journal.ummat.ac.id/index.php/JELTL/article/view/11188
Pakpahan, E. M. (2023). Challenges faced by pre-service teachers during teaching practicum. International Journal of Educational Narratives, 1(5). https://doi.org/10.55849/ijen.v1i5.389
Rubio, J. P., Peñamora, M.-A. R., Siprioto, R. V., Zuñiga, K. B., Pasague, J. E. G., Flora, M. E., & Dela Torre, D. A. (2025). Challenges and coping mechanisms of pre-service teachers in one private school in Quezon Province. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 9(11). https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.91100187
Serliana, A., Utami, P. P., & Kamil, A. B. (2021). Classroom management challenges faced by pre-service teachers during teaching practice. IDEAS: Journal on English Language Teaching and Learning, Linguistics and Literature, 9(2). https://doi.org/10.24256/ideas.v9i2.2075
Serliana, A., Utami, P. P., & Kamil, A. B. (2021). Pre-service teachers' challenges in classroom management during teaching practice. IDEAS: Journal on English Language Teaching and Learning, Linguistics and Literature.
Sohil, F., Farhat, H., Tahira, R., Malik, F., Sohail, M. U., & Asgher, A. (2024). Challenges faced by pre-service teachers during school-based practicum. Jahan-e-Tahqeeq, 7(2). Retrieved from https://jahan-e-tahqeeq.com/index.php/jahan-e-tahqeeq/article/view/1420
Sta. Teresa College. (2021). Learning management system.
Tasic, R. (2016). Kasaysayan ng wikang pambansa at ang Executive Order No. 263. Retrieved from https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/5/78438
Teaching and researching language learning strategies: Self-regulation in context (2nd ed.). (n.d.). Routledge & CRC Press. Retrieved

from https://share.google/0Kki8lYifliSAuAdN

Ulla, M. B. (2016). Pre-service teacher training programs in the Philippines: The student-teachers practicum teaching experience. EFL Journal, 1(3). https://doi.org/10.21462/eflj.v1i3.23

Voogt, J., Fisser, P., Tondeur, J., & van Braak, J. (2016). Using theoretical perspectives in developing an understanding of TPACK. In M. C. Herring, M. J. Koehler, & P. Mishra (Eds.), Handbook of technological pedagogical content knowledge (TPACK) for educators (2nd ed., pp. 33–52). Routledge.

Wang, W., Schmidt-Crawford, D., & Jin, Y. (2018). Preservice teachers' TPACK development: A review of literature. Journal of Digital Learning in Teacher Education, 34(4), 234–258. https://doi.org/10.1080/21532974.2018.1498039

Wong, H. K., & Wong, R. T. (2009). The first days of school: How to be an effective teacher. Harry K. Wong Publications

Zafra, G. (2016). Ang pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa disiplinang Filipino: Konteksto ng K–12. Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining, at Kulturang Filipino.

## Apendise A. *Talatanungan*

**Pamagat ng Pananaliksik: Pagtuturo Sa Panahon ng Pagbabago: Mga Estratehiya at Hamon ng mga PST Filipino Major sa Makabagong Edukasyon**

Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat aytem. Lagyan ng tsek (/) ang kolum na tumutugma sa iyong karanasan bilang isang Pre-service Teacher sa Filipino. Gamitin ang sumusunod na eskala:

| Eskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 5 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4 | Sumasang-ayon |
| 3 | Di sumasang-ayon |
| 2 | Lubos na di sumasang-ayon |
| 1 | Walang Komento |

### *A.1. Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagtuturo ng mga Guro sa Akademikong Filipino sa Larangan ng Wika*

| Mga Hamon at Suliranin | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Kakulangan ng mga istratehiya at pamamaraang pangwika | | | | | |
| 2. Walang sapat na kagamitang pampagkatuto | | | | | |
| 3. Kakulangan sa panahon upang higit na maunawaan ang wika at gramatika | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 4. Walang sapat na leksikon upang maging batayang panggramatika ng mga mag-aaral | | | | | |
| 5. Walang inobatibong pamamaraan ng pagtuturo | | | | | |
| 6. Kakulangang panggramatikang kasanayan | | | | | |

***A.2. Mga Salik na Nakakaapekto sa PagtUturo ng mga Guro sa Akademikong Filipino sa Larangan ng Panitikan***

| **Mga Hamon at Suliranin** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Hindi pagkilala sa mga lokal na akda | | | | | |
| 2. Hindi sapat na pagsasanay at palihan sa pagtuturo ng panitikan | | | | | |
| 3. Kakulangan ng oras sa pagbibigay ng katuturan sa mga salitang tekstwal | | | | | |
| 4. Kakulangan ng mga dulog at pamamaraan ng pagtuturo | | | | | |
| 5. Walang inobatibong pagtuturo na naisagawa sa panitikan | | | | | |
| 6. Hindi malinaw na pagpapakilala sa mga akdang pampanitikan sa ibang karatig lugar ng Pilipinas | | | | | |
| 7. Apektado ang sariling pagkakakilanlan sa pagtuturong moral ng panitikan | | | | | |
| 8. Pagsasaayos ng istukturang pampanitikan, haba at panahong kinabibilangan | | | | | |
| 9. Kakulangan ng mga babasahing pampanitikan | | | | | |
| 10. Magiliw ang daloy ng Pagtuturo | | | | | |

***A.3. Mga Nararanasang Hamon  ng mga magiging Guro sa Kanilang "Teaching Practice"***

| **Naranasan ko ang mga sumusunod na hamon habang nagsasagawa ng aking "teaching practice"** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Pagdidisenyo at/o pagpili ng mga kagamitan para sa bawat aralin | | | | | |
| 2. Pagtanggap ng hindi sapat na gabay at/o instruksyon | | | | | |
| 3. Pagpapanatili ng disiplina sa isang magulong klase | | | | | |
| 4. Nahihirapang tukuyin ang tamang mga layunin sa pagkatuto | | | | | |
| 5. Pagtuturo ng iba't ibang mga aralin | | | | | |
| 6. Paghalili sa mga klase ng mga guro na liban o abala | | | | | |
| 7. Pagsasagawa ng iba pang mga gawain tulad ng gawaing klerikal | | | | | |
| 8. Pag-oorganisa ng mga aktibidad sa loob ng silid-aralan | | | | | |
| 9. Pamamahala ng oras | | | | | |
| 10. Pagkakaroon ng hindi magandang ugnayan sa paaralan | | | | | |
| 11. Pagtatasa ng mga layunin sa pagkatuto | | | | | |
| 12. Pagtuturo sa mga estudyanteng may iba't ibang pagkatuto o kakayahan | | | | | |
| 13. Pagkakaroon ng mga suliranin sa wika | | | | | |
| 14. Pagpapatupad ng mga natutuhan mula sa unibersidad | | | | | |

***A.4. Mga Istratehiya na ginagamit ng nga PST sa pagtuturo ng Akademikong Filipino***

| **Sa aking pagsasanay sa pagtuturo, mas pinili kong gamitin ang mga sumusunod na estratehiya sa aking pagtuturo:** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Pag-arte | | | | | |
| 2. Mga Presentasyon | | | | | |
| 3. Mga interaktibong gawain | | | | | |
| 4. Mga gawaing labas sa silid-aralan | | | | | |
| 5. Talakayan ng buong klase | | | | | |
| 6. Mga gawaing eksplorasyon at/o pagtuklas | | | | | |
| 7. Pagpapakita ng mga demonstrasyon para sa mga mag-aaral | | | | | |
| 8. Pagbibigay ng mga katanungan sa mga mag-aaral upang suriin ang kanilang pag-unawa | | | | | |
| 9. Mga pangkatang gawain | | | | | |
| 10. Mga indibidwal na gawain | | | | | |
| 11. Mga teknik sa pagtatanong | | | | | |
| 12. Mga gawaing paglutas ng suliranin | | | | | |

Sa una haggang pangatlong talahanayan, ginamit ng mananaliksik ang isang adapted na instrumento mula kina Galilio, E. at Janer, S. (2021) sa kanilang pag-aaral na “Pagdalumat sa Kalagayang Pedagohikal sa

Akademikong Filipino sa Transpormatibong Kadawyan." Ang instrumentong ito ay isang Survey Checklist Questionnaire na inangkop upang makalikom ng kwantitatibong datos mula sa mga prospective teachers na kumukuha ng Filipino major. Binubuo ito ng mga saradong pahayag na nakaayos sa anyong talahanayan at hinati sa dalawang pangunahing bahagi na tumatalakay sa estratehiya sa pagtuturo, mga suliraning nararanasan, at mga salik na nakaaapekto sa pagtuturo ng Filipino sa wika at panitikan.

Samantala, sa pang-apat na talahanayan, ang instrumentong ginamit sa pananaliksik ay isang adapted na talatanungan mula kina Ismail, S. at Jarrah, A. (2018) sa kanilang pag-aaral na "Exploring Pre-Service Teacher's Perception of Their Pedagogical Preferences, Teaching Competence and Motivation." Ito ay inayos at inangkop upang maging angkop sa konteksto ng mga prospective teachers na kumukuha ng Filipino major. Binubuo ito ng mga bahagi na nakatuon sa antas ng paggamit ng iba't ibang estratehiya at sa mga suliraning kinakaharap.